# *MGA HEBREO, IKALIMA AT IKAANIM NA KABANATA* [1]

. . . sa—sa Aklat ng mga Hebreo. Saka tayo dadako sa ika-7, ang pagkasaserdote ni Melquisedec. At pagkatapos ay dadako tayo, mula sa pagkasaserdote ni Melquisedec, patungo sa mga dakilang araw ng pagtutubos, at pagbubukod, paghihiwalay ng mga pagtutubos. Pagkatapos ay doon sa dakilang kabanata ng pananampalataya, sa ika-11 kabanata; at sa ika-12 kabanata, "Isinasantabi ang bawat pasan." At sa ika-13 kabanata, "Ang Tahanang Walang Hanggan na hindi itinayo ng mga kamay ng tao; kundi ng Diyos, lamang, na gumawa ng dakilang Tahanang ito." Kamangha-mangha talaga!

2 Nagagalak akong makita riyan ang ating kapatid na babae, na kapapasok lang ngayon sa gawain. Hayan nga siya at ang kanyang asawa. Kahapon, naroon kami sa daan, patungo sa isang lugar. . . Ang akala ko'y kabisado ko na ang lahat ng pasikut-sikot, dahil naging tanod ako rito sa Indiana, at ronda pa nang ilang taon. Kabisado ko ang bawat sulok. Pero muntik na akong maligaw kahapon, nung papunta ako sa kanila, doon sa ibabaw ng mga burol, sa isang bagong kalsada.

3 At may kanser sa baga 'yung babae, at di mapasusubaliang ang Panginoon nga ang nagpagaling sa babaing 'yun. Sama-sama naming pinuntahan. . . Oh, bigla na lang itong dumating, nakasakay kami noon. Si Kapatid na Roberson, narito siya marahil, ngayon. Hayan nga ang maybahay niya, at si Kapatid na Wood, na narito rin. At nakasakay nga kami noon sa isang lumang trak, ako at si Kapatid na Roberson, at si Kapatid na Wood. At dala namin 'yung trak, paakyat doon, sa ibabaw ng burol. At sa lugar na 'yun di mapasusubaliang ang Panginoon talaga ang nagpakita nung kanser. At pagkatapos tumayo kami roon at pinanood naming nilisan nun 'yung babae. Kitang-kita ng mga mata namin, nakatayo kami at pinanood na nilisan nun 'yung babae. At tumawag 'yung babae sa maybahay ni Kapatid na Wood; at ang sabi sa akin, sumusuka raw 'yung babae nung kung anong napakaitim na bagay. At narito nga siya ngayong umaga, nakaupo riyan sa likuran ng simbahan, siya at ang minamahal niyang asawa, galak na galak sa Panginoon. Hindi ba't kahanga-hanga Siyang talaga? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

4 At hindi ko alam. . . Dito kasi, kadalasan, sa kaalaman ng mga narito ngayon, napakadalang na mangyari rito ang mga

pangitain. Ito ang tahanan ko. At, ang tinutukoy ko, ay ang iglesya.

5 Nung Linggo, nung nakaraan, ating. . . Ilan ang narito noon at nakakita dun sa lalaking nakasilyang de gulong? Bulag, pilay, hindi na kayang ibalanse ang katawan, at wala na 'yung pinakaugat doon sa utak, at sinukuan na siya nung mga taga-Mayo's. At—at pinapunta nga siya rito ng isa kong kaibigang doktor na isang Katoliko. At bago pa man ako makaparito sa gawain, nagbigay na ang Panginoon ng isang pangitain patungkol sa naturang lalaki. Alam n'yong lahat 'yan. At hayan nga't pinagaling ang lalaki, sa pamamagitan ng GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kita n'yo? At pagkatapos ay tumayo, lumakad palabas, tulak-tulak ang kanyang silyang de gulong, nakakakita na parang kayo o parang ako. At lumabas ng gusali tulak-tulak ang kanyang silyang 'yun, nang normal na. At 'yung pinakaugat para makapanatili ng balanse. . . Alam n'yo, hindi kayo makatatayo nang wala 'yun, kita n'yo, talagang hindi n'yo magagawa. At sa loob ng maraming taon ay ganoon siya.

6 At kahapon pagdating ko roon, napanaginipan na pala nung babae na nakita raw niya akong dumating, nang alas dos daw, at sinabi ko sa kanyang "may kanser" siya, pagkatapos, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON, 'gumaling siya.'" At—at nung magising siya, aba'y eksaktong alas dos en punto na noon. At bumaba ang Espiritu ng Panginoon, at noon din ang—ang napanaginipan niyang 'yun, ay ibinigay ng Panginoon ang katuparan. At gumaling siya sa mga oras ding 'yun agad-agad, doon mismo habang nakatingin kami. Kamangha-mangha talaga!

7 Hindi ko maisip 'yung pangalan niya. Ano nga 'yun? Ano pong pangalan n'yo, kapatid? Walton, Kapatid na babaing Walton, na nakaupo ngayon sa likuran. Maaari po ba kayong tumayo, Kapatid na babaing Walton? Gusto kong kumustahin ang pakiramdam n'yo. [Sinasabi ni Kapatid na babaing Walton, "Mainam na mainam."—Pat.] Amen. Mabuti naman kung gayon, maayos at napakainam. Napakabuti nga Niyang talaga, upang pagpalain tayo sa gayong paraan. Kaya naman umaasa tayo sa lubhang, masaganang, dakilang pagpapalang kaloob ng Diyos.

8 Itinago nga ito ng doktor sa kanya. Sinabi nito sa kanya na "sa isang bahagi na lamang siya nakakahinga." Kung ano 'yun, kumalat na 'yung kanser at hinarangan na nito ang paghinga sa bahaging 'yun ng baga, kita n'yo. Hindi n'yo makikita ang kanser sa pamamagitan ng x-ray, dahil isang selula ang kanser, ganoon nga, at isa—isa itong buhay. At inyong—inyong—inyong kung—inyong—inyong susubukang silipin ang kanser, gamit ang isang x-ray. Hindi n'yo 'yun makikita.

9 Subalit, hayan at ang Panginoon ay talagang. . . Nakatayo kami noon at pinanood 'yun, kitang-kita, ng mga mata namin.

Pinanood namin 'yung gumalaw, at kitang-kita 'yung lumisan, ng mga mata namin. Kaya, lubos tayong nagagalak para riyan.

10 At ngayon, idalangin n'yo kami, sa linggong ito, habang wala kami. At itutuloy marahil ni Kapatid na Neville 'yung bahagi kung saan ako huminto, sa darating na panggabing gawain sa Miyerkules. Huwag n'yo po itong palalampasin, ito pong dakilang serye ng Aklat ng Apocalipsis.

11 Batid kong maraming panalangin na ang naihandog, at batid nga natin na—na dinirinig ng Diyos ang panalangin. Ngunit tayo, sa umagang ito, nais nating maghandog ng isa pang maikling panalangin bago ang pagbasa ng Aklat. Ngayon, sa sinumang marunong, kaya niyang basahin ang Aklat nang *paganito*, o buklatin ito nang *paganito*. Subalit ang Diyos ang, tanging, kailangan upang mabuksan ang pagkaunawa, dahil Siya ang Tanging Isang makagagawa nito.

Kaya atin nang iyuko ang ating mga ulo pansumandali.

12 Ngayon, Ama, sa Pangalan ng Iyong minamahal na Anak, ang Panginoong Jesus, lubos kaming nagpapakumbabang dumudulog ngayon upang ipasailalim ang aming mga sarili, bilang mga lingkod Mo, mangusap Ka nawa sa amin. Tuliin mo ang mga labing nangungusap at ang mga taingang nakikinig, upang ang Salita ay maipangusap ng Diyos at maiparinig sa pamamagitan ng Espiritu, sa mga tao. Ipagkaloob Mo po ito, Ama. Kunin nawa Niya ang Salita ng Diyos at magministeryo sa amin ayon sa pangangailangan namin, sapagkat hinihiling namin ito sa Kanyang Pangalan at para sa Kanyang ikaluluwalhati. Amen.

13 Ngayon, magbabasa tayo ngayong umaga, mag-aaral tayo. Hindi—hindi tayo mangangaral; mag-aaral lang tayo ng Aklat na ito ng Mga Hebreo. Ilan ang nasisiyahan dito? Oh, galak na galak nga tayo rito! At ngayon pag-aaralan natin itong mabuti, Kasulatan sa Kasulatan. Dapat ngang... Ang buong, kabuuan ng Biblia ay magkakalakip-lakip. Walang isa mang Salita na mawawaglit sa kinalalagyan Nito, kung ang Espiritu Santo ang maglalakip-lakip nito.

14 Ngayon, sabi ng tao, "Sinasalungat ng Biblia ang Sarili Nito." Gusto kong makita 'yan. Hiniling ko ngang makita 'yan, magdadalawampu't limang taon, ko na ngang hinihiling 'yan, at wala pa ring nagpapakita nito. Walang pagsasalungatan kasi sa Biblia. Kung mayroon, hindi ito Biblia. Ang dakila, at walang hanggan na Jehovah ay hindi maaaring salungatin ang Kanyang Sarili, kaya walang pagsasalungatan sa Biblia. Mali lang talaga ang pagkakaunawa ng mga tao.

15 Ngayon bilang kaunting kaalaman, bago tayo tumalakay. Ngayon, isinulat ni San Pablo ang Aklat ng Mga Hebreo, para sa mga Hebreo. Sumulat siya ng isa sa mga taga-Efeso, para sa

mga mamamayan ng Efeso, na Iglesyang Cristiano; isa para sa mga taga-Roma sa Roma; at isa para sa mga taga-Galacia; at isa para sa mga Hebreo.

16 Ngayon, napansin nating si Pablo, ay isang tagapagturo ng Biblia, unang-una sa lahat. Napag-aralan natin 'yan. Na naupo siya sa ilalim ng kinikilalang guro, isa sa mga pinakadakila sa kanyang panahon, si Gamaliel. At kabisado niya ang Lumang Tipan. Alam na alam niya ito. Subalit naging isang taga-usig ng daan na siyang Daan ni Cristo, dahil sa ilalim siya ng mga guro nagsanay ng Lumang Tipan. Hayan nga't ang mga guro, kadalasan kasi'y karnal. . .nawa'y hindi ako nakapagbitiw ng anumang masamang pananalita.

17 Ngunit, madalas, kung taglay-taglay ng isang tao ang aral at ang paraan ng mga paaralan, kadalasa'y gawa-gawa lang ito ng tao. Kita n'yo, hindi ito kinasihan, dahil nagiging doktrina lang ito ng paaralan. Mayroon nga tayo nito sa kapanahunan ngayon. Presbyterian, Lutheran, Pentecostal, ang lahat ng mga paaralang ito ay may kanya-kanyang teorya, at pinalalabas lang nilang akma ang Mga Kasulatan dito.

18 At gayun din noon sa Lumang Tipan. Subalit, si Pablo, nagsanay siyang mabuti, at kabisado ang bawat salita roon sa Kasulatan. Ngunit, nakita n'yo naman, ang Mga Kasulatan, kahit gaano mo pang kakabisado ang mga ito, kung hindi bubuhayin ng Espiritu ang mga ito, tiyak na papatay ang titik. Ang Espiritu ang nagbibigay Buhay. Kita n'yo, kinakailangan itong mabuhay, o buhayin, ng Espiritu. Kung hindi bubuhayin ng Espiritu ang Salita at gagawin Itong realidad sa inyo, ang titik ay magiging intelektuwal lang. Kaya naman kayrami natin ngayong nagpapakilalang Cristiano, o nang-aangkin na mga Cristiano, na intelektuwal ang pagkaunawa kay Cristo.

19 Hayan nga't nalilihis na tayo sa, "Buweno, kailangang may maramdaman siya; at kailangang may gawin kang kung ano." At, oh, tatalakayin natin 'yan, maya-maya. Kinakailangan daw makasigaw. Dati-rati kinakailangang sumigaw ng Methodist, bago nila makamtan ito. Kinakailangan ng mga Pentecostal na magsalita ng iba't ibang wika, bago nila makamtan ito. At, oh, ang ilan pang iba, 'yung mga Shaker, dati-rati kinakailangan nilang manginig. Ganoon nga. Ang dating. . .Kinakailangan magsilakad ng paroo't parito, 'yung mga kalalakihan sa isang sulok, ang mga kababaihan sa kabila naman. Kita n'yo? Mga Shaker. Pagkatapos ay bababa na sa kanila ang Espiritu Santo at papapanginigin sila. "Nakamtan nga nila Ito." Subalit mga pagkapanatiko lamang ang lahat ng ito. Walang kahit anong Katotohanan dito.

20 Ang Diyos ay tumatahan sa Kanyang Salita. "Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, pakikinig sa pamamagitan ng Salita." "Sa pananampalataya kayo ay

naligtas, sa pamamagitan ng biyaya." Hindi sa pamamagitan ng kung anupaman, may panginginig man kayo, o nagsasalita man ng iba't ibang wika, o anuman 'yan. Wala ngang anumang kinalaman 'yan dito, ganoon nga. Sinabi ni Jesus, "Ang dumirinig sa Aking Mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan. Ang dumirinig ng Aking Salita at sumasampalataya, na sa kanya'y binuhay na, ay may Buhay na Walang Hanggan." Hayan nga. Hindi na mahalaga kung anuman 'yang nagagawa mo.

21 Ngayon, hindi ako laban sa panginginig, o pagsasalita ng iba't ibang wika, o panginginig, oh, 'yang—'yang pagsigaw na 'yan. Ayos lang 'yan. Mainam 'yan. Ngunit mga katangian lang 'yan. Kita n'yo? Maaari ko kayong abutan ng isang mansanas mula sa punongkahoy, pero hindi ibig sabihin hawak n'yo na 'yung puno. Kita n'yo? Hindi n'yo . . . Mga katangian lang 'yan.

22 Ang pagsisinungaling, pagnanakaw, pag-inom ng alak, paninigarilyo, pagsusugal, pangangalunya, hindi 'yan ang kasalanan, mga bunga 'yan ng di-pananampalataya. Kita n'yo? Ganyan nga ang inyong—inyong . . . Nagagawa n'yo nga ang mga 'yan dahil isa kayong makasalanan. Kita n'yo? Pero bago n'yan makasalanan muna kayo. Yan ang nagbunsod sa inyong gawin ang mga 'yan, dahil sa hindi kayo nananampalataya. At kung nananampalataya naman kayo, samakatwid hindi n'yo gagawin ang mga 'yan. Mayroon na nga kasi kayong pag-ibig, kapayapaan, pagpapahinuhod, kabutihan, kagandahang-loob, kaamuan, pagtitiis. Yan naman ang bunga ng Espiritu Santo. Kita n'yo?

23 Hayan nga't mayroon tayo nitong mga kung anu-anong, kakaibang nararamdaman, dahil sa nalihis ang tao palayo sa dating, nilalakarang daan ng Salita. Ito ngang Salita. "Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig."

24 Kaya naman itong si Pablo . . . Pinili ng Diyos si Pablo. Pinili naman ng tao si Matias. Noong siya . . . At dinaan nga nila sa palabunutan, ngunit wala siyang nagawang anuman. Ipinakikita n'yan kung anong kapangyarihan ang taglay noon ng iglesya, na nakapagpapasya sila, nakahihirang ng mga diyakono, at nakapagpapadala ng kanilang mga mangangaral sa iba't ibang lugar. Iyon ay karnal nga lang, kadalasan.

25 Hayaan n'yong magpunta ang isang tao kung saan nais ng Diyos siyang pumunta. Gusto ko 'yang ganyan. Kung sasabihin lang ng mga tao sa isang pagpupulong, "Buweno, heto ang isang mainam na iglesya. May kapatid tayong nagpatayo ng isang mainam na iglesya. At narito ang ating paborito." Tapos ipadadala nila 'yun dito sa iglesyang ito. Hindi nila nalalamang pinapatay na nila ang mga sarili nila. Kita n'yo? Una sa lahat, kung pupunta ang lalaking 'yun doon, hindi niya mapupunuan ang lugar ng lalaking 'yun. Kaya naman pinahihina lang nila ang

iglesya, dahil pinipilit nilang magpakita ng pagkiling sa isang paborito. Ganyan na ang nangyayari kahit noon pa.

26 Gayunpaman naniniwala ako sa lubos na awtoridad ng kapulungang lokal. Oo. Hayaan ang bawat iglesya sa kanyang sarili, hayaang pumili ng pastor nito, ng mga diyakono nito, ng, anupaman. At pagkatapos, sa ganoon, 'yung itinalaga roon ay walang obispong mas mataas sa kanya. Sa pagkakataong nais ng Espiritu Santong mangusap ng isang bagay sa iglesyang iyon, hindi na nila kailangan pang magtanong sa sinuman patungkol sa kung maaari ba nilang gawin *ito* o gawin *iyon*. Sa indibiduwal na iyon nakikipag-ugnay ang Espiritu Santo. Ipakita n'yo sa akin sa pamamagitan ng Biblia kung ano ang hihigit pa, diyan sa Biblia, kaysa sa isang lokal na matanda sa isang lokal na iglesya? Hayan nga, siyanga, po, ang kasarinlan ng lokal na iglesya, ang bawat iglesya sa kanyang sarili. Ngayon, ang pagkakapatiran, mainam naman 'yan. Dapat ngang ang lahat ng mga iglesya ay magkaroon ng isang pagkakapatirang tulad n'yan, magkakapatid lahat. Subalit may kasarinlan ang lokal na iglesya!

27 Pansinin n'yo si Pablo, isang dakila't dalubhasang guro, nagsanay nang mainam, nasa daan siya patungong Damasco, isang araw, upang dakpin ang mga tao na narito sa bagong Daang ito. Ngayon, sinsiro siya. Hindi ka nga hinahatulan ng Diyos sa iyong sinsiridad. Wala na akong nakita pang mas sinsiro kaysa sa mga pagano. Pinapatay pa nga ng marami sa kanila ang sarili nilang mga anak, sa walang kabuluhan, upang—upang maihandog sa isang diyus-diyosan. Hindi nga ang sinsiridad. Maaaring uminom ang isang tao ng carbolic acid, nang may sinsiridad, iniisip na ang iniinom niya ay ibang bagay. Hindi ka nga ililigtas ng sinsiridad. "May daan na tila matuwid sa isang tao, ngunit ang dulo niyaon ay mga daan ng kamatayan."

Sinsiro si Pablo noong saksihan niya, nang may kapahintulutan pa, ang pambabato kay Esteban. Pagkatapos lumipas ang mga taon, gustung-gusto ko nga ang paghingi ni Pablo ng tawad, sabi niya, "Hindi ako karapat-dapat na tawaging alagad o tawaging apostol, sapagkat pinag-usig ko ang Iglesya hanggang kamatayan." Nang may sinsiridad!

28 At sa kanyang daan, nagkaroon siya ng isang karanasan. Lumitaw ang Espiritu Santo sa isang malaking Haliging Apoy, at binulag siya Nito. Hayan nga't, natalakay na natin 'yan, ang Haliging Apoy na iyon ay si Cristo. At Siya rin yaong Haliging Apoy na nanguna sa mga anak sa ilang. Si Cristo ay ang Diyos, at ang Diyos ay si Cristo. Nagkatawang-tao ang Diyos at nanahan sa katawan ng Panginoong Jesus. "Ang Diyos ay nakay Cristo, na pinakipagkasundo ang sanlibutan sa Kanya," ipinakikita kung ano Siya.

29 Dito sa Biblia, sa mga naunang talatang binasa natin, sabi, "Ginawa Niya ang Kanyang Sarili na mas mababa nang kaunti kaysa mga Anghel. Nag-anyong, hindi sa anyo ng mga Anghel, kundi nag-anyong laman." Hindi nahulog ang mga Anghel, kaya hindi nila kailangan ng pagtutubos. Nahulog ang laman, ang sangkatauhan, at kinakailangan silang matubos. Hayan nga't, sa mga lumang kautusan, ang isang lalaki, upang maging isang—isang manunubos, kinakailangan niyang unang-una sa lahat na maging kamag-anak; diyan nga sa dakilang Aklat ng Ruth, na natalakay na natin dito, noon. At hayan nga't ang Diyos, na isang Espiritu, ay naging kamag-anak natin, sa pamamagitan ng pagiging isa sa atin, nang sa gayon ay matubos tayo at pagkalooban tayo ng Buhay na Walang Hanggan. Kinailangan siyang maging tayo, upang tayo naman sa pamamagitan ng biyaya ay maging tulad Niya.

30 At nasumpungan nating pinangunahan ng Haliging Apoy ang mga anak ni Israel. At noong nagkatawang-tao Ito sa lupa, narinig natin Siyang nagsasalita isang araw, at ipinahahayag Niyang Siya yaong Haliging Apoy. Sabi nila, "Sinasabi Mo bang mas dakila ka kaysa sa aming amang Abraham?"

31 Sinabi Niya, "Bago pa man si Abraham, ay AKO NGA." Sino yaong AKO NGA? Ang Haliging Apoy sa nagniningas na kahoy, isang di nagmamaliw na bantayog sa bawat magdaang salinlahi; hindi lang sa salinlahing iyon noon, kundi pati sa salinlahing ito ngayon, ang siya ring Haliging Apoy. At nagpapasalamat tayo sa umagang ito dahil nasa atin ang litrato Nito, patunay na hindi Siya nagbago. Siya ang Walang Kamatayan, Walang Hanggang, Pinagpala. Ginagawa Niya ngayon ang siya ring mga bagay na ginawa Niya noon, at lubos nga tayong pinaliligaya nito.

32 Ngunit bago tanggapin ni Pablo ang karanasang 'yun... Nalalaman nga niyang ang Anghel ng Panginoon ay ang Haliging Apoy, si Cristo, ang...Buweno, Siya ang Anghel ng Tipan, si Cristo. Mas mabuti nga ang inisip ni Moises, nung, mas pinili niya pang danasin ang mga kahirapan kasama ng bayan ni Cristo, at ang mapangunahan ni Cristo, kaysa sa lahat ng mga kayamanan ng Egipto. Sumunod siya kay Cristo, na nasa anyo ng isang Haliging Apoy.

33 Pagkatapos ay sinabi ni Cristo, "Ako ay nagbuhat sa Diyos," noong narito Siya sa lupa, "Ako ay babalik sa Diyos." Pagkatapos ng Kanyang kamatayan, pagkalibing, pagkabuhay na mag-uli, pagluluwalhati ng katawang nakaluklok sa kanan ng Karangalan, upang mamagitan; nakita Siya ni Pablo bilang ang Haliging Apoy, muli: isang Liwanag na bumulag sa kanyang mga mata, halos; binulag siya.

34 Nakita rin Siya ni Pedro na pumasok sa bilangguan bilang isang Liwanag, at binuksan ang mga pintuan sa harap niya sa

kanyang paglabas. Nalaman nga natin na Siya ang Alpha at Omega, ang Una at ang Huli.

35 At heto Siya kasama natin, ngayon, na ginagawa ang siya ring mismong mga bagay na ginawa Niya noon, ipinapakita muli ang Kanyang Sarili sa atin, nagpapakita sa daigdig ng siyensiya.

36 Oh, sa dakilang oras na ito ng kadiliman at kaguluhan sa ibabaw ng lupa, dapat tayo ang pinakamasasayang tao sa buong mundo, na puno ng kagalakan, na may pagkaunawa. Sa tuwi-tuwina, ang mga tao ay pinapaniwala sa mga doktrina, at sa lahat na ng kung anu-anong mga ismo at mga bagay sa sanlibutan, at gayunpaman, sa panahon ngayon, ang tunay, na buhay na Diyos, sa Kanyang Salita at sa pamamagitan ng Kanyang mga di maitatagong katibayan, ay ipinakikita na naririto nga Siya kasama natin, na gumagawa, kumikilos, nabubuhay, ikinikilos ang mismong ikinikilos Niya noon pa man. Napakapalad nga nating mga tao, na nakatamasa nito! Dapat tayong. . .Sinabi ng Biblia, doon, sa ika-2 kabanata, "Dapat nating ingatan ang mga bagay na ito. Sapagkat, paanong makatatanan tayo kung ating pabayaan ang ganitong dakilang kaligtasan?"

37 Ngayon, nalaman natin, bago tanggapin ni Pablo ang karanasang iyon. . . Ngayon, inuulit-ulit natin ito. Ngayon, kahit anupamang uri ng karanasan ang mayroon kayo, bilang iglesya, gusto kong tanungin kayo ng isang bagay. Kahit gaano pa itong kagandang pagmasdan, gaano pa itong tila katotoo, kinakailangan muna itong masubok sa pamamagitan ng Biblia. Laging nasa sa Salita! Huwag n'yong kailanman ipagpapalit Iyon, para sa anumang uri ng karanasan.

38 At si Pablo, bago niya tinanggap ito, nagtungo siya roon sa Arabia, at doo'y nanatili nang tatlong taon, sinusubok ang karanasang ito sa Salita. At noong bumalik siya, siguradong-sigurado na siya. Walang anumang makaliliglig sa kanya, sapagkat matatag siya sa Salita, walang makatitinag. At dito nga'y bumabaling siya upang ipakita sa mga Hebreong naroon, ang mga dakilang bagay na iyon na sinalita, sa Lumang Tipan, na nahayag kay Jesus Cristo. Napakamaluwalhati!

39 Ngayon, noong nakaraang Linggo, o nakaraang Miyerkules, si Kapatid na Neville natin dito, doon sa ika-5 kabanata, may natumbok siya roong matataas na bagay, 'pagkat napakainam na kabanata nga nito. At narinig nating tinalakay niya ang ika-4 na kabanata, noong nakaraang Linggo, tungkol sa *Sabbath*, ang pangingilin sa Sabbath. Sigurado po ba kayong, nitong umaga, naunawaan na n'yo kung ano po ang ibig sabihin ng pangingilin ng Sabbath? Kung naunawaan n'yo na, sabihin n'yo, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

40 Ang *Sabbath* ay ang "Kapahingahan" na papasukan natin, hindi sa pamamagitan ng pangingilin ng araw, hindi sa

pamamagitan ng kautusan, kundi sa pagpasok kay Cristo na siyang ating Sabbath. Siya ang ating Sabbath. Tinugaygay na nating lahat ito sa Lumang Tipan, at nakita roong darating ang panahon kung kailan ang Salita ay magiging "bilin at bilin, utos at utos." At pinagtibay Niyang pumasok tayo sa Kanyang Kapahingahan sa Araw ng Pentecostes, "Sapagkat siya na pagod ay papagpahingahin, palulubayin."

41 Nalaman natin, na, "Ang Diyos ay nagtangi ng isang araw sa mga awit ni David, patungkol sa ikapitong araw." At, "Ang Diyos nga ay nagpahinga sa ikapito." Ibinigay ito sa—sa mga anak ni Israel sa ilang. "At muli, nagtangi Siya ng isang araw." Anong araw iyon? Isang araw ba sa sanglinggo? "Sa araw na marinig ninyo ang Kanyang Tinig, huwag ninyong papagmatigasin ang inyong puso." Iyon ang araw na papasukan Niya, upang pagkalooban kayo ng isang Walang Hanggang kapayapaan, isang Walang Hanggang Sabbath.

42 Kaya hindi kayo nagpupunta sa simbahan nang Linggo, upang maging relihiyoso, kung ganoon. Kapag naipanganak na kayo ng Espiritu ng Diyos, papasok na kayo sa Kapahingahan magpakailanman, wala nang pangingilin ng sabbath. Naroon na kayo sa *loob* ng Sabbath, tuluy-tuloy, magpakailanman, at Magpasawalang Hanggan. "Ang mga gawa ninyong makasalinbutan ay natapos na," sabi ng Biblia, "at pumasok na kayo dito sa banal na kapayapaan."

43 Inilalagay nitong unang limang kabanatang ito si Jesus sa posisyon bilang Dakilang Saserdote. "Ang Diyos ay nagsalita sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan sa ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta, ngunit sa huling araw na ito ay sa pamamagitan ng Kanyang Anak, na si Jesus," unang kabanata, unang talata.

44 Pagkatapos sa pagtugaygay natin hanggang makaabot tayo sa ika-5 kabanata, nakita nating inilarawan Siya bilang si "Melquisedec, na walang pasimula ng mga araw, walang katapusan ng iyong buhay, ngunit sa tuwina ay isang Saserdote magpakailanman." Isipin n'yo iyon. Sino ang dakilang Taong ito? Matatalakay natin ito, sa dalawa pang kabanata. Ang buong buhay Niya, ay pag-aaralan natin. "Sumalubong kay Abraham ang Taong ito, na walang tatay, hindi kailanman nagkaroon ng nanay. Hindi Siya kailanman nagkaroon ng tinakdang panahon kung kailan nagsimula Siyang mabuhay, ni hindi Siya kailanman magkakaroon ng tinakdang panahon kung kailan magwawakas ang Kanyang buhay. At sinalubong Niya si Abraham na galing noon sa paglipol sa mga hari."

45 Pansinin n'yo ang dakilang Taong ito, Sinuman Siya, ay buhay pa rin. Wala Siyang katapusan ng buhay. Si Cristo iyon, na nakatagpo niya. Dadako tayo sa isang malalim na pag-aaral patungkol diyan, sa ilang mga araw.

46 Ngayon, nais nating magsimula na rito sa ika-5 kabanata, upang magkaroon tayo ng isang pambungad na tagpo bago natin talakayin ang—ang ika-6, sapagkat ito ay talagang isang bagay na bukod-tangi talaga. Pagmasdan n'yong mabuti. Magsisimula tayo marahil sa ika-7 talata ng kabanatang ito. Buweno, magsimula tayo sa ika-6 na talata.

*Gaya rin naman ng sinasabi niya sa ibang dako, Ikaw ay saserdote magpakailan man ayon sa pagkasaserdote ni Melquisedec.*

*Na siya sa* kanyang *mga araw ng kaniyang laman, ay. . .naghandog ng mga panalangin at mga daing na sumisigaw ng malakas. . .lumuluha doon. . .sa* kanya *na may kapangyarihang makapagligtas sa kaniya sa kamatayan, at siya'y dininig dahil sa kaniyang banal na takot;*

*Bagama't siya* ay *Anak, gayon may natuto. . .ng pagtalima sa pamamagitan ng mga bagay na kaniyang tiniis;*

47 Ngayon ito ang nais kong pagdiinan, itong ika-9 na talata. Pakinggan n'yo. Sa palagay ko'y nadaanan na ito ni Kapatid na Neville, noong Miyerkules. Wala ako rito nun. Buweno, pakinggan n'yo.

*At nang siya'y mapaging sakdal, ay siya ang gumawa ng walang hanggang kaligtasan ng lahat na mga nagsisitalima sa kaniya;*

*Pinanganlan ng Dios na dakilang saserdote ayon sa pagkasaserdote ni Melquisedec.*

*Tungkol sa kaniya'y marami kaming sasabihin,. . .*

48 Iiwan muna natin ito riyan, 'pagkat tatalakayin natin si Melquisedec sa ilang mga gabi.

49 Ngayon uumpisahan na natin, ang regular nating pag-aaral. Gusto ko sanang. . .Babasahin ko lang po ang iba pa nito pansumandali, sa ika-11 talata.

*Tungkol sa kaniya'y marami kaming sasabihin,. . . mahirap na saysayin, palibhasa'y nagsipurol kayo sa pakikinig.*

*Sapagka't nang. . .kayo'y nangararapat nang maging mga guro dahil sa kaluwatan, ay muling* kayo'y *nangangailangan na kayo'y turuan ninoman ng mga unang simulain ng aral ng Dios; at naging tulad sa mga nangangailangan ng gatas,* sa halip *ng pagkaing matigas.*

*Sapagka't bawa't* tumatanggap *ng gatas ay walang karanasan sa salita ng katuwiran: sapagka't siya'y isang sanggol.*

Oh, umaasa akong patitimuin 'yan ng Espiritu Santo sa kaibuturan ninyo ngayon.

> *Sapagka't* siya *na—na* tumatanggap *ng gatas ay walang karanasan sa salita ng katuwiran: sapagka't* siya'y *isang* sanggol.

50 Kung bibigyan n'yo ang isang sanggol ng matigas na karne, mapapatay n'yo lang siya. Yan nga ang dahilan kung bakit napakaraming mga tao ang nagsasabi, "Ah, hindi ako—hindi ako naniniwala riyan," at lalakad palayo. Mga sanggol pa rin! Sadyang hindi nila maunawaan. Hindi nila maunawaan ang Katotohanan. Mapapatay sila Nito—Nito. Sadyang mga kamangha-mangha't, dakilang mga bagay ang kailangang-kailangang malaman ng iglesya ngayon, subalit hindi n'yo Ito maituro. Sila—sila—sila—sila—sila nga'y tisod na tisod Dito. Hindi nila malaman kung anong gagawin Dito.

51 Si Pablo nga'y, nangungusap sa grupong ito ng mga Hebreo. . .Hayan nga't, mga iskolar ang kinakausap niya rito, mga iskolar, aral na aral. Makikita natin 'yan, sa ilang—sa ilang mga sandali, tunay ngang mga bihasa sa pag-aaral. Ngunit sa malalim na espirituwal na Hiwaga, bulag pa rin Dito ang iglesya. Sinabi niya, "Nang kayo'y nangararapat nang magturo sa iba, mga sanggol pa rin kayo."

52 Oh, alam kong maraming magsisilitawan at magsisilabas at magsasabi, "Oh, hindi ko na kailangan pang pumunta ng simbahan. Purihin ang Diyos, dumating na ang Espiritu Santo, Siya ang guro." Kapag ganyan ang nakuha n'yong kaisipan, talagang mali kayo. Sapagkat bakit pa nagtalaga ng mga guro ang Espiritu Santo sa iglesya, kung Siya ang magiging guro? Kita n'yo? Mayroon ngang mga apostol, mga propeta, mga guro, mga ebanghelista, at mga pastor. Nagtalaga ng mga guro ang Espiritu Santo sa iglesya, upang makapagturo Siya sa pamamagitan ng gurong iyan. At kung hindi ito—hindi ito ayon sa Salita, hindi 'yun patototohanan ng Diyos, kaya naman hindi ito ang tamang uri ng turo. Kailangan 'yung umakma sa buong Biblia, at maging kasing buhay ngayon kung papaano Itong buhay noon. Hayan nga ang tunay na bagay na nahayag.

53 Ngayon pansinin n'yo.

> *Nguni't ang pagkaing matigas ay sa mga. . .may gulang, sa makatuwid ay doon sa mga sa pamamagitan ng* mga pamimihasa *ay nangasanay. . .ay* nangasanay *ang kanilang mga pakiramdam, upang makilala ang mabuti at ang masama.*

Alamin kung ano ang tama at kung ano ang mali, sa pamamagitan ng pagkilala.

54 Ngayon pansinin n'yo, uumpisahan na natin ngayon ang ating aralin. Dito sa dakilang pambungad na teksto ngayon, simulan natin sa unang talata.

*Kaya't tayo'y tumigil na ng pagsasalita ng mga unang simulain ng aral ni Cristo, . . .*

Ano ang sinasabi niya? Itong unang limang kabanata ay paglalatag patungkol kay Cristo, upang ipakita kung Sino Siya. Ngayon iiwan na natin 'yung mga unang simulain ng aral ni Cristo.

55 Ano nga ang pagkakakilala natin kung Sino Siya? Nakilala nating Siya ang Dakilang Diyos na Jehovah na nahayag sa laman. Nalaman nga natin na—na Siya ay hindi isang propeta, kundi ang kapuspusan ng pagka-Diyos sa kahayagan ayon sa laman. Siya si Jehovah na nagkatawang-tao. At ang katawan, si Jesus, ay naging tabernakulo nga Niya. Ang Diyos ay nanahan sa tao. Pinakipagkasundo ang Diyos sa tao, sa pamamagitan ng tao, sa pamamagitan ng pagsilang sa Kanyang Sariling Anak sa pamamagitan ng isang birhen. At si Jehovah, na Espiritu, ay nanahan sa Kanya.

56 Ngayon, ilan ang nakakaalala sa turo tungkol sa pagka-Diyos, noon ngang binalikan natin iyon at nalamang ang Diyos ay gaya ng kamangha-manghang bahaghari na taglay-taglay ang lahat ng iba't ibang Espiritu, na kung ano nga Iyon? At pagkatapos ay lumabas ang Logos sa Diyos, na naging ang theophany, at nasa anyo iyon ng isang tao. At nasaksihan Itong dumaan ni Moises, doon sa bitak ng bato. At pagkatapos ang theophany na iyon ay ganap ngang nagkatawang-tao, si Cristo.

At kung papaanong nalaman natin na tayo, sa Kanyang biyaya, ay may Buhay na Walang Hanggan. Ngayon, ang salitang *magpakailanman* ay "para sa isang agwat; para sa isang espasyo ng panahon." Sinasabi, sa Biblia, "Magpakailan *at* kailanpaman," may pang-ugnay. Subalit ang *magpakailanman* ay nangangahulugang "isang panahon." Hayan nga't ang Walang Hanggan ay nangangahulugang magpakailanman. At ang lahat nga ng may pasimula ang may katapusan, subalit ang mga bagay na walang pasimula ay walang katapusan. Kaya walang pasimula ang Diyos at wala Siyang katapusan.

57 At kaya, naman, si Melquisedec, ang dakilang Saserdote, na gaya ng isang tao, walang Siyang pasimula at wala Siyang katapusan. At nang tayo, sa pamamagitan ng theophany na iyon, tayo, ay nilikha sa larawan ng Diyos bago pa man nalikha ang sanlibutan; noong nagkatawang tao ang theophany na iyon at nanahan sa gitna natin, nang magkagayon, sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan, tinanggap natin sa ating mga sarili mismo ang Kanyang Espiritu at wala na tayong kamatayan; Buhay na Walang Hanggan; hindi mga Anghel, bagkus mga lalaki at babae. Oh, kung aking . . . Sana nga, kung mailahad ko

lamang ito sa paraang ang aking—ang aking mga tagapakinig ay maunawaan ito! Hindi kayo kailanman magiging Anghel. Lumikha ang Diyos ng mga Anghel, subalit lumikha rin ang Diyos ng tao. At ang ginagawa ng Diyos ay mula sa Diyos, na gaya ng Diyos na Walang Hanggan. At ang tao ay Walang Hanggan ding tulad ng kanyang Manlilikha, sapagkat nilalang siya buhat sa Walang Hanggan.

58 Subalit may katapusan ang kasalanan, may katapusan ang paghihirap. Samakatwid baga, hindi maaaring magkaroon ng Walang Hanggan na impiyerno. May impiyerno nga, apoy at asupre, alam natin 'yan, ngunit walang impiyernong Walang Hanggan. May iisang uri lamang ng Buhay na Walang Hanggan at iyon ay sa Diyos lamang. Kung magdurusa kayo nang magpakailanman, ibig sabihin may Buhay na Walang Hanggan kayo. May kawakasan ang impiyerno, maaaring bilyun-bilyong taon ang gugulin, subalit sa huli ay magwawakas din ito.

59 Hindi sinasabi ng Biblia, saanman, na magdurusa sila ng Walang Hanggan, o sinabing, "Magpakailan-kailanpaman." Inakala nga ni Jonas na naroon siya sa tiyan ng balyena "magpakailanman," din. Ang *magpakailanman* ay may agwat o isang hangganan ng panahon. Subalit ang *Walang Hanggan* ay walang katapusan, wala itong pasimula o wakas. Para ba itong singsing, isang bilog. At habang umuusad ang panahon natin, umiikot lamang tayo sa dakilang mga layunin ng Diyos.

60 Ang layunin nga ng Diyos ay upang likhain ang tao sa Kanyang larawan, upang makasama Niya. At nilikha nga Niya siyang isang nilalang na nahihipo. Ngayon, dinala nga tayo ng kasalanan sa isang dako ng—ng—ng kabulukan, subalit hindi nun kailanman napahinto ang programa ng Diyos. At, kaibigang makasalanan, ngayon, kung hindi ka pa naisilang na muli ng Espiritu ng Diyos, may katapusan kang parating. At ang wakas mo ay kaguluhan, pagkawasak, at pagdurusa at paghihirap. Subalit kayo na nanampalataya sa Panginoong Jesus, at tinanggap Siya bilang sarili n'yong Tagapagligtas, sadyang Walang Hanggan nga kung papaanong ang Diyos ay Walang Hanggan. Wala kayong kawakasan, "Binibigyan Ko sila ng Walang Hanggang *Zoe*, ang Buhay mismo ng Diyos, at hindi na sila kailanman mamamatay o mapapasok man sa paghatol, kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan." Hayan nga Siya. Iyan ang ipinarito Niya.

61 Ngayon, si Jesus, sa Kanyang pagparito, sa Kanyang pagkasaserdote, ay hindi nga pumarito para lamang kaawaan. Maraming tao ang nagtuturo nang ganyan, na pumarito raw Siya, na nagsasabi, "Buweno, marahil kung magdurusa Ako, Ako ay magiging isang—isang—isang kaawa-awang tanawin at tiyak na lalapit ang mga tao sa Akin." Mali 'yun. Walang Kasulatan para riyan.

Sapagkat, bawat tao na maliligtas, ay kilala na ng Diyos bago pa man naitatag ang sanlibutan. Ganyan ang sinasabi ng Biblia. Hindi ibig ng Diyos, ngayon, na ang sinuman ay mapahamak. Nais Niyang sila'y magsisi. Subalit, dahil sa pagiging Diyos, sa pamamagitan ng paunang kaalaman, alam na Niya ito noon pa man.

62 Tingnan n'yo sa Mga Taga-Roma, ika-8 kabanata. Naniniwala roon si Pablo, sinasabi nga niya ang tungkol sa paghirang ng Diyos, na, "Sina Esau at Jacob, bago pa man maipanganak ang alinman sa mga sanggol, o parang ganun, sinabi ng Diyos na kilala na Niya sila at kinapootan Niya si Esau at inibig naman si Jacob," bago pa man magkaroon ng—magkaroon ng pagkakataon ang alinman sa mga bata na magpahayag ng kanilang pasasalamat, sapagkat Siya ay Diyos. Alam Niya . . . Siya ay walang hanggan. Kung walang hanggan nga Siya, alam Niya ang bawat pulgas, ang bawat langaw, ang bawat niknik, ang lahat ng bagay na magkakaroon sa lupa, alam Niya. Siya'y walang katapusan, Walang Hanggan, walang kamatayan, banal na Diyos, pinakamakapangyarihan, nasa lahat ng dako, nakababatid ng lahat ng bagay. Walang bagay na hindi Niya nalalaman. Iyan ang dahilan kaya may kakayahan Siyang sabihin kung ano ang magiging katapusan. Alam na Niya ang wakas mula pa sa pasimula.

63 Anumang bagay na nauukol sa propesiya ay ang Kanyang kaalaman lamang. Siya ang punong manananggol. Siya—Siya ang—Siya ang Hukom. At Kanya lamang ipinangungusap sa—sa abogado ang ilan sa Kanyang karunungan. At ganyan nga ang propesiya, na nakapagsasabi na ng mangyayari, dahil alam na Niya kung ano ang magaganap. Ngayon, hayan nga ang Diyos na pinaglilingkuran natin. Hindi isang diyos na pinaglipasan ng panahon, hindi gaya ng mga Buddhist at ng mga Mohammedan, at kung anu-ano pa. Kundi, isang Diyos na nasa lahat ng dako, na sa mga oras na ito mismo ay narito nga, ngayong umaga, sa tabernakulong ito sa mga oras na ito; ang Dakilang Jehovah, ang AKO NGA, na nag-anyo sa Kanyang Sarili sa kababaan, upang mag-anyong tao na makasalanan. Narito nga Siya. Yaong tumubos sa inyo. Wala na ngang maaaring iba pa, ni saanmang dako, ni sa alinmang panahon ang makagagawa nito.

64 Walang tatlong tao ang Diyos doon sa itaas, na isinugo pa ang isa sa kanila, ang Kanyang Anak. Ang Diyos iyon, Mismo, na pumarito sa anyo ng isang Anak. Ang isang anak ay may pasimula, at may pasimula nga ang Anak. Hayan nga't, para sa inyo na mga minamahal kong Katoliko, mayroon ako nitong aklat ninyo na, *Facts Of Our Faith*, sabi dun, "Ang Walang Hanggang pagiging anak ng Diyos." Papaano n'yo ipaliliwanag ang pagkasabi riyan? Papaano n'yo bibigyan ng kabuluhan 'yan? Papaano 'yun magiging Walang Hanggan? Hindi 'yan galing sa Biblia. Sa aklat n'yo po ito, "Walang Hanggang pagiging anak."

Hindi nga nila . . . Hindi tama 'yung pagkakasabi. Sapagkat, ang lahat ng anak ay may pasimula, at walang pasimula ang Walang Hanggan, kaya hindi maaaring Walang Hanggang pagiging anak. Nagkatawang-tao si Cristo at nanahan sa gitna natin. Mayroon Siyang pasimula. Hindi maaaring Walang Hanggang pagiging anak. Walang Hanggang pagka-Diyos dapat, hindi pagiging anak. Ngayon, dumating nga Siya upang tubusin tayo, at Kanya ngang tinubos tayo.

65 Ngayon, si Pablo, natalakay niya 'yan, at natitiyak kong sa pamamagitan ng mga nakaraang mga aralin ay nauunawaan n'yo na ito. Tatalakayin natin itong muli, sa ibang pagkakataon, kung loloobin ng Panginoon, talata sa talata. Ngayon.

> *Kaya't* hayan nga't . . . *tayo'y tumigil na ng pagsasalita ng—ng mga unang simulain ng aral ni Cristo, at tayo'y mangagpatuloy sa kasakdalan;* . . .

66 Nakakatisod nga 'yan sa kanila. Hindi ba? Gawin daw natin ang ano?

> . . . tayo'y *mangagpatuloy sa kasakdalan; na huwag nating ilagay na muli ang* mga kinasasaligan . . .

67 Masdan n'yo ito. Atin munang pag-usapan itong salitang "kasakdalan." Alam ba ninyong may iisang paraan lamang upang makatayo kayo sa Presensiya ng Diyos? Iyon nga'y, ang maging sakdal. Hindi maaaring payagan ng Diyos ang mga bagay na walang kabanalan.

68 At kayong mga legalista: papaano n'yo pasasakdalin ang inyong sarili, kung wala kayong isa mang bagay sa inyo para mapasakdal ang inyong mga sarili? Naipanganak nga kayo sa kasalanan. Ang mismong paglilihi sa inyo ay sa kasalanan. Ang mismong pagnanasang nagparito sa inyo ay kasalanan. "Ipinanganak sa kasalanan, inanyuan sa kasamaan, naparito sa mundo na nagsasalita ng mga kasinungalingan." Ngayon saan kayo n'yan makatatayo?

69 Saan nga, makasalanan, na—na nagsasabing, "Ititigil ko na ang paninigarilyo. Mapupunta ako sa Langit"? Saan nga ba, malahiningang, tumatanda nang paurong, na naturingan pa namang Cristiano, na dumadalo rito na di maipinta ang mukha at nagsasabi, na, "Buweno, kaanib naman ako sa iglesya"? Makasalanan ka ngang talaga. Siyanga. Malibang naipanganak ka sa Espiritu ng Diyos, mapapahamak ka. Totoo 'yan.

70 Papaano ka makapupunta sa Langit? Sasabihin mo, "Hindi ako kailanman nagsinungaling sa tanang buhay ko." "Oh, ang sanggol na iyon. Isa—isa lamang 'yung Anghel, sa simula't sapul." Kasinungalingan iyon. Walang halaga 'yun sa akin kahit gaano ka mang kabait; isa ka pa ring makasalanan. At wala ka ngang kahit ano; pari man, obispo man, kardinal man, papa man, wala ngang kahit anong makapagliligtas sa

iyo, 'pagkat nasa pareho lang kayong bangkang kinalalagyan. Tatalakayin natin 'yan sa ilang minuto. Naroon sa siya ring kalagayan. Naroon siya . . . ang papa ng Roma ay naipanganak sa kasalanan, naanyuan sa kasamaan, naparito sa mundo na nagsasalita ng mga kasinungalingan, naisilang sa pamamagitan ng pagnanasang seksuwal ng isang lalaki at isang babae. Saan nga kayo magiging matuwid sa kalagayang ganyan?

71 "Hayan nga't, naisilang din naman ang tatay at nanay niya sa ganoon ding paraan, at naisilang sila sa ganoon ding paraan, at maging ang kanyang lola at lolo at mga ninuno." Kasalanan nga, sa simula't sapul!

72 Kaya naman sinong makapagsasabi na *ito* ay banal at *iyon* ay banal? May iisa lamang na banal, 'yun ay si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay, Na pinaging Sakdal. At ang hinihingi sa atin ay ang maging sakdal. Ngayon, papaano tayo magiging ganoon? Subukan n'yo ito, sa ganang inyo. Hindi ko nga lubos-maisip na subukan man lang na magpunta sa Langit ng ganito, "Pagkasilang na pagkasilang ko pa lang limang minuto ang nakalilipas, aba'y hayan na ako at nakikiayon na sa sanlibutan." Mapapahamak ako. Kahit pa hindi ako kailanman nagkaroon ng masamang kaisipan sa buong buhay ko, kahit pa hindi ako nakapagsalita ng masamang pananalita sa buong buhay ko, kahit pa hindi ako tumingin kailanman sa anuman nang may masamang hangad, kahit pa hindi ako nakapag-isip ng anumang masama, o anuman, ako'y umaalingasaw at kasing itim na gaya ng nanglilimahid na dingding ng impiyerno. Isa akong makasalanan.

73 Maaari ngang sa buong buhay ko ay manatili lang akong nagkukulong sa isang silid, na gaya ng ilan sa mga kapatid na babaing Carmelite o parang ganun, at hindi kailanman nakita ang sanlibutan, manatili sa loob at manalangin sa buong buhay ko, gumawa ng mabuti, maipanganak na multimilyunaryo at ipamahagi sa dukha ang lahat ng mayroon ako, hayan nga't makasalanan pa rin ako at sa impiyerno mapupunta. Siyanga, po.

74 Maaari ngang makianib ako sa iglesyang Lutheran, Baptist, Pentecostal, Presbyterian, nung nasa kuna pa lang ako, at mamuhay nang matapat sa iglesyang iyon hanggang sa umabot nang isang daang taon, at kunin na ang buhay ko, at walang taong makapagtuturo ng kanilang daliri sa akin at magsasabi "Nagkaroon siya ng isang masamang kaisipan," Mapupunta pa rin ako ng impiyerno nang sintiyak ng pagkakatayo ko rito.

75 Isa akong makasalanan. Tama 'yun. Wala akong kahit ano. Walang paraan, talaga, upang makahanap ako ng anumang—anumang kabayaran na pupunan. Ang hinihingi ng Diyos ay kamatayan. At kung ibibigay ko ang sarili kong buhay, kung ibibigay ko nga ang buhay ko, kung gayon ay papaano pa ako

makapagsisisi? Sapagkat, kayo. . . Kinakailangan nga munang mabayaran ang pagkakautang, siyanga. At ang Diyos lamang ang Siyang makapag-aalay ng Kanyang buhay at maibabangon Itong muli. Kaya maaari Siyang ariing may sala, at ibigay ang Kanyang Buhay at kunin Ito, at tawagin itong "katuwiran," at bayad na ang pagkakautang. Hayan nga.

76 Ngayon bumuklat po tayo sa Mateo, sa ika-8 kabanata po, marahil, ika-7 o ika-8 kabanata. Tingnan natin kung ano ang sinasaysay ni Jesus dito. Dito po pala. Sa Mateo, sa ika-5 kabanata. At nang. . . si Jesus, nangaral, nangangaral tungkol sa mga banal na pagpapala, sa ika-47 talata.

> *At kung ang mga kapatid lamang ninyo ang* inyong *babatiin, ano ang kalabisan ng* inyong *ginagawa? hindi baga ang ginagawa ng mga Gentil. . .?* (Masdan.)
>
> Ngunit *kayo nga'y mangagpakasakdal,. . .* (Ano?)
>
> *Kayo nga'y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal.*

Iyan nga ang utos ni Jesus, "Kayo nga'y maging ganoon."

77 Sasabihin nila, "Walang puwedeng maging sakdal, sabi nga ng Biblia, 'Walang sinumang sakdal.' Salungat 'yan." Di kaya? Sige.

78 Hindi kayo maaaring maging sakdal sa inyong sarili. Kung umaasa kayo sa mga nagawa n'yo, mapapahamak kayo. "Kaya kayo nga'y mangagpakasakdal, maging sadyang sakdal gaya ng Diyos na sakdal." Ngayon:

> *Kayo nga'y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama. . . sa kalangitan na sakdal.*

79 "Kaya't. . ." Ngayon sa ika-5 kabanata, ika-6 na kabanata ng Mga Hebreo.

> *Kaya't tayo'y tumigil na ng pagsasalita ng mga unang simulain ng aral ni Cristo, at tayo'y mangagpatuloy* sa *kasakdalan;. . .*

80 Ngayon, kayo, Branham Tabernacle. Oh, alam ko, "May kagalingan kami." Mainam 'yan. "May mga pangitain kami." Oh, 'yan—'yan ay mainam namang talaga. At mayroon kayong espirituwal na panaginip, at kung minsan nama'y hindi sila espirituwal na panaginip. At—at kung minsan kayo. . . "Kami, kami ay tumutulong sa mga mahihirap. Ginagawa namin ang aming makakaya." Oh, mainam naman 'yan, ngunit hindi 'yan ang pinag-uusapan natin ngayon. Pumapasok na tayo sa isang panibagong antas.

> *. . . tumigil na ng pagsasalita. . . ng aral. . .*

81 "Oh, oo, taglay namin ang doktrina ni Cristo. Naniniwala kaming Siya ang Anak ng Diyos, ipinanganak ng isang birhen.

Nananampalataya kami roon, kalakip ang lahat ng mga bagay na ito." Sadyang napakainam talaga n'yan.

82 Subalit, "Tumigil na riyan, tayo'y mangagpatuloy sa kasakdalan." Oh, grabe! Sana nga'y mayroon akong tinig ng isang arkanghel ngayon, upang madala ko ito sa isang dako kung saan makikita n'yo ito. Ngayon sinasabi niya, "Tumigil na ng pagsasalita ng aral ni Cristo," ang lahat ng—ng mga teologo, at ang lahat nga ng mga teolohiyang alam na natin, patungkol sa Pagka-Diyos ni Cristo, 'yung kung paanong Siya ang Diyos na nagkatawang-tao, ang lahat nga ng mga bagay gaya nito.

83 Nagpatuloy nga sa pagpapaliwanag ng lahat ng ito rito si Pablo, sa ilang mga minuto. Basahin natin, ang ilang bahagi, bago natin talakayin ito.

> . . . *ilagay na muli ang* mga kinasasaligan *ng pagsisisi sa mga patay na gawa . . .*

Ngayon, pinaniniwalaan natin 'yan.

> . . . at *pananampalataya* sa *Dios, . . .*

Naniniwala tayo riyan.

> At ng *aral na tungkol sa mga paglilinis, . . .*

Sadyang kung papaano nga kayo dapat mabautismuhan, naniniwala tayo riyan.

> *. . . at ng pagpapatong ng mga kamay, . . .*

Pinaniniwalaan natin ang pagpapatong ng mga kamay. Hindi ba? Kita n'yo, lahat ng 'yan, siyanga.

> *. . . at ng pagkabuhay na maguli ng mga patay, . . .*

84 Pinaniniwalaan natin 'yan. Ngayon masdan n'yo. Kita n'yo rito, "ang Paghuhukom," ang ginamit dito ay, "Walang Hanggan." Magpakailanman nga. Kapag sinalita ng Diyos ang paghuhukom, ito'y magpakailanman. Kung gayo'y, wala nang pagkakasundo pagkatapos na maipasa ang paghatol. Ngayon nauunawaan n'yo na marahil kung bakit kinailangan ng Diyos na akuin ang Sarili Niyang—Sarili Niyang, gaya ng tawag natin dito, Sarili Niyang lunas. Noong hinatulan Niya ang tao sa pagkakasala, ang tanging paraan upang makipagkasundo Siya, ay ang pumalit Siya Mismo sa lugar ng tao. Iyon lang ang tanging paraan para maipagkasundo ito, o maipagkasundo tayo, ang pumalit sa ating lugar at maging isang makasalanan. Ang Diyos, si Jehovah, ay naging isang makasalanan, at ibinigay Niya ang Kanyang buhay.

85 Ngayon, maaari mong ibigay ang buhay mo, na isa kang makasalanan, upang mamatay para sa layuning 'yan. Sinabi ni Pablo, "Kung ibigay ko ang aking katawan upang sunugin bilang isang hain, wala pa rin akong kabuluhan," 'pagkat hindi talaga ito uubra. Kita n'yo, kapag namatay kayo, wala na kayo. Kapag namatay kayong makasalanan, mapapahamak kayo.

86 "Ngunit bumaba ang Diyos sa anyong laman, at hinatulan sa laman ang kasalanan, sa pagiging lamang makasalanan." Dahil, Siya ang Walang Hanggang Diyos, at ibinangon ang Kanyang Sariling katawan, kaya Siya ang Nag-aaring Ganap.

87 Ngayon, pagkatapos ng lahat ng mga bagay na ito, "Tayo'y mangagpatuloy sa kasakdalan," sabi ni Pablo. Ngayon ano na?

> *. . . ng paghuhukom na walang hanggan.*
>
> *. . . gagawin* natin *ito, . . . ipahihintulot ng Dios.* (ika-3 talata.)

88 Ngayon, "Mangagpatuloy sa kasakdalan." Sinabi ni Jesus, "Kayo nga'y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa Langit na sakdal."

At tayo, bawat isa, ay nahatulan na. Kahit ano pa ang gawin natin, tayo'y nahatulan na. Naisilang tayo, na nahatulan na. Ang nanay at tatay n'yo ay isinilang, na nahatulan na. Ang inyong, ang lahat ng inyong mga ninuno ay ipinanganak sa kasalanan, inanyuan sa kasamaan. Kaya papaano n'yo ito makakamtan? Papaano kayo magiging sakdal? Kahit pa wala kayong anumang nagawa, di nagnakaw, di nagsinungaling, di nakagawa ng kahit ano sa buhay n'yo, nahatulan pa rin kayo. Nahatulan na kayo bago pa n'yo langhapin ang una n'yong hininga. Nahatulan na kayo. Tama 'yun. At hinatulan na kayo ng Diyos bago pa n'yo langhapin ang una n'yong hininga. Sapagkat nahatulan na kayo, sa pamamagitan ng pagnanasang seksuwal ng inyong ama at ina na, sa kanilang pagnanasa, ay iniluwal kayo rito sa lupa. At hinatulan iyon ng Diyos, sa pasimula. Nahatulan na kayo, sa simula't sapul. Kaya naman saan n'yo . . . Hayan nga't ang bawat tao sa ibabaw ng lupa ay nahatulan nang kasama n'yo. Ngayon saan n'yo matatamo ang kasakdalan?

89 Masdan. Buklatin natin pansumandali rito sa Mga Hebreo, sa ika-10 kabanata. Makinig kayong mabuti. Nais kong magbasa ng kaunti sa ika-9 na kabanata, dito po, sa ika-11 talata.

> *Nguni't pagdating ni Cristo na dakilang saserdote ng mabubuting bagay na darating, sa pamamagitan ng lalong malaki at lalong sakdal na tabernakulo,* ang Kanyang Sariling tabernakulo, ang Kanyang laman, . . .

90 Kita n'yo, ang sinaunang tabernakulo . . . Napansin n'yo? Ang sinaunang tabernakulo ay may tabing, na nagkukubli sa kaban kung saan tumatahan ang Diyos. Ilan ang nakakaalam nun? Siyanga. Buweno, yaong sinaunang tabernakulo na gawa ng tao na tinutukoy ko rito, ang mga tabing doon ay mula sa mga tininang balat ng kambing, at kung anu-ano pa, ginawa 'yung tabernakulo upang ikubli ang Presensiya ng Diyos. Ilan ang nakakaalam na isang tao lang ang nakapapasok doon nang minsan sa isang taon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Tunay nga. Si Aaron lang, pumapasok nang

minsan kada isang taon. At kinakailangang may pahid siya. At—at, oh, ang kinakailangan nga rito! Kinakailangang may hawak-hawak siyang apoy sa kanyang kamay; at kung paroroon siyang wala iyon, mamamatay siya pagkasara na pagkasara niya ng tabing. Mabubuwal siyang wala nang buhay. Kinakailangan niyang pumasok doon at sindihan ang mga kandelero, at wisikan ang luklukan ng awa na tumatawag, ng dugo ng kamatayan, upang maging pansamantalang panghalili, hanggang sa dumating si Cristo upang isakatuparan ito.

91 Ngayon, subalit, pagkatapos ang Diyos ay nagtungo sa isang panibagong uri ng tabernakulo. At ang tabernakulong iyon ay Sino? Si Jesus. At ang Diyos ay nasa loob ni Jesus, at Siya ay nakakubli, ngunit Kanyang ipinakikipagkasundo ang sanlibutan sa Kanyang Sarili, sa pamamagitan ng Kanyang mga pagpapakilala. Inihayag ni Cristo ang Diyos. Sinabi Niya, "Hindi Ako ang gumagawa ng mga gawa. Ang Aking Ama na tumatahan sa Akin. Wala akong ginagawa sa Sarili kundi kung ano ang nakikita Kong ginagawa ng Ama. Ang Ama na nasa Akin, ay ipinakikita sa Akin ang mga pangitaing ito, at saka na ako paroroon at gagawin kung ano lamang ang sinabi sa Akin ng Ama na gawin." Nakuha n'yo na ba? Ang Diyos ay nasa loob ng isang katawang tao, hindi sa likuran ng mga tininang balat ng kambing, kundi may buhay, kumikilos. May mga kamay ang Diyos; may mga paa ang Diyos; may dila ang Diyos; may mga mata ang Diyos; at si Cristo iyon. Hayan nga Siya.

92 Ngayon, umalis Siya, at pumasok doon ang Espiritu, upang sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan ay masakdal Niya ang Iglesya at gawing mapagpasakop ang Iglesya. At kung magkagayo'y ang siya ring Espiritung nakay Cristo ay nasa Iglesya rin, na ginagawa ang siya ring mga bagay na ginawa ni Cristo. "Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan; gayunma'y inyong makikita Ako, sapagkat Ako'y sasainyo, sumasainyo, hanggang sa katapusan ng sanlibutan."

93 Ngayon pakinggan n'yo ito.

> *Nguni't* pagdating *ni Cristo na dakilang saserdote ng mabubuting bagay na darating, sa pamamagitan ng lalong malaki at lalong sakdal na tabernakulo, na hindi gawa ng mga kamay, sa makatuwid baga'y, hindi sa paglalang na ito;*

Hindi Siya gawa ng mga kamay. Papaano Siya naipanganak? Ipinanganak ng isang birhen.

> *At hindi rin naman sa pamamagitan ng dugo ng mga kambing at ng mga bulong baka,* naihain o pinaging banal ang katawang ito*, kundi sa pamamagitan ng kaniyang sariling dugo . . .*

94 Alam ninyong nagmumula ang dugo sa kasariang lalaki. At pagkatapos may magsasabi, "Oh, si Jesus ay Hudyo." Hindi

Siya isang Hudyo. "Oh, iniligtas tayo sa pamamagitan ng dugo ng Hudyo." Hindi, hindi ganun. Kung naligtas nga tayo sa pamamagitan ng dugong Hudyo, mapapahamak pa rin tayo.

Hindi Hudyo si Jesus, ni hindi rin Siya Gentil. Siya ang Diyos: Diyos Ama, ang Espiritu, Yaong di-nakikita. "Walang taong nakakita kailanman sa Diyos, subalit ang bugtong na Anak ng Ama ang nagpakilala sa Kanya." Inihayag Niya ang Diyos, kung ano ang Diyos.

95 Ngayon nararapat lamang na ipinahahayag ng Kanyang Iglesya ang Diyos, upang ipakita kung ano nga ba ang Diyos. Kita n'yo?

Pero anong ginagawa natin? Inoorganisa ang mga sarili natin, at, "Wala akong pakailam sa *kanila*. Mga Methodist sila. Presbyterian sila. Ayaw kong magkaroon ng anumang kaugnayan sa *kanila*. Baptist ako. Pentecostal ako." Huh! Mapapahamak kayo, sa ganyang uri ng mga pag-iisip. Tama.

96 Sinong makapagmamataas? Sino ang makapagsasabi ng anuman? Tingnan n'yo ang idinulot na kahihiyan ng mga Presbyterian. Tingnan n'yo ang kahihiyan, ng mga Baptist. Tingnan n'yo ang kahihiyan, ng Katoliko. Tingnan n'yo ang kahihiyan, ng mga Pentecostal, ng mga Nazarene, ng Pilgrim Holiness. Tingnan n'yo nga ang iba pa sa kanila.

Ngunit, hinahamon ko kayong magturo ng isa man lang na kamay, kung may kahihiyan, Doon. Oo. Maituturo n'yo ba ang kahit isang daliri, nang sabihin ng Pinakamakapangyarihan na Diyos, "Ito ang sinisinta Kong Anak na siya Kong lubos na kinalulugdang panahanan. Pakinggan ninyo Siya." Hayun nga Siya. Iyan nga Yaong sakdal.

97 Ngayon, bumasa naman tayo sa banda rito ngayon.

> *At hindi rin naman sa pamamagitan ng dugo ng mga kambing*. . .*ng mga bulong baka, kundi sa pamamagitan ng kaniyang sariling dugo ay pumasok na minsan magpakailan man sa dakong banal, na kinamtan ang walang hanggang katubusan*. . .(Nakukuha n'yo ba?). . .*walang hanggang katubusan para sa atin.*

98 Hindi lang tinubos ngayong araw na ito, at pagkatapos, sa susunod na linggo kapag nagsimula muli ang rebaybal, tutubusin na namang muli, at pagkatapos, oh, tatalikod tayo at tutubusin na namang muli. Kayo'y tinubos nga ng isang beses, at 'yan ay magpakailanman. Siyanga. Hindi tubos, tubos, tubos. "Walang Hanggan pong katubusan!" "Ang dumirinig sa Aking Mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan, at hindi na mapapasok sa paghatol, kundi," pangnagdaan, "lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan." Dahil nga ba nakipagkamay siya? Dahil nga ba sa nabautismuhan siya sa ibang klaseng paraan? Dahil nga ba may

dugo siya sa kanyang kamay? "Sapagkat sumampalataya siya sa bugtong na Anak ng Diyos." Ganoon nga natin natamo ang Walang Hanggang katubusan.

99 Pakinggan n'yo pong maigi.

> *Sapagka't . . . ang dugo ng mga kambing at ng mga baka, at ang abo ng* mga dumalagang baka na ibinudbod sa—sa . . . *ibinubudbod sa mga nadungisan, ay* makapagiging banal *sa ikalilinis ng laman:*
>
> *Gaano pa kaya ang dugo ni Cristo, na sa pamamagitan ng Espiritu na walang hanggan ay inihandog ang kaniyang sarili na walang dungis sa Dios, ay* nilinis ang ating *budhi sa mga gawang patay upang magsipaglingkod sa Dios na buhay?*

100 "Lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan." Ano pa bang ikakabahala mo sa kung ano man ang iniisip ng sanlibutan? Ano pa bang ikakabahala mo sa kung ano ang sabihin ng katabi mo? Namatay na ang budhi natin, at tayo'y binuhay, ipinanganak na muli ng Espiritu ng Diyos, upang paglingkuran ang tunay at ang buhay na Diyos. Hayan na nga kayo.

101 Ngayon ituloy natin sa ibaba sa ika-10 talata, ika-10 kabanata, pala, doon po sa kabilang pahina.

> *. . . ang kautusan na may isang anino ng mabubuting bagay na darating, hindi ang tunay na larawan ng mga bagay, kailan pa man ay di maaaring* m-a-g-p-a-s-a-k-d-a-l sa mga nagsisilapit *sa pamamagitan ng mga hain* na laging *inihahandog taon-taon.*

M-a-g-p-a-s-a-k-d-a-l, hayan nga, "Magpasakdal."

> *. . . tumigil na ng pagsasalita ng mga unang simulain ng aral ni Cristo, at tayo'y mangagpatuloy sa kasakdalan; . . .*
>
> *Kayo nga'y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama . . . sa kalangitan na sakdal.*

102 "Ang kautusan na may isang anino ng mabubuting bagay na darating," ang lahat ng mga panuntunan at mga bautismo at ang . . . ang lahat ng iba pang mga bagay na mayroon sila, "ay di maaaring magpasakdal sa mananamba." At, gayunman, "sakdal" ang hinihingi ng Diyos.

103 Ang pag-anib mo riyan sa iglesyang Nazarene, hindi ka n'yan kailanman mapapasakdal. Ang pag-anib mo sa iglesyang Baptist, Pentecostal, anuman diyan, hindi ka kailanman nito mapapasakdal. Ikaw bilang isang mabuti't, matapat na tao, hindi ka n'yan kailanman mapapasakdal. Hindi ka karapat-dapat sa anumang bagay. Walang anumang bagay sa iyo, para masabing karapat-dapat. Ikaw ay patungo sa kapahamakan. Sasabihin mo, "Buweno, tinutupad ko naman ang kautusan.

Ipinangingilin ko ang sabbath. Tinutupad ko *ito*, ang lahat ng mga tuntunin ng Diyos. Ginagawa ko *ito*.”

104 Sinabi ni Pablo, “Itabi nating walang liwag ang lahat ng mga bagay na iyan ngayon.”

105 “Mabuti nga naman ’yan, pero gagawin namin ang *ganito*. Babautismuhan namin ang mga tao, at papatungan namin sila ng mga kamay para sa kanilang kagalingan at iba pang mga bagay.”

106 Maaari natin itong isa-isahin, talata sa talata, bawat isa sa mga bagay na ito. Bautismo, naniniwala tayo rito. “May isang pag-asa, isang Panginoon, isang Pananampalataya, isang Bautismo.” Naniniwala tayo sa isang bautismo. Naniniwala tayo sa muling pagkabuhay ng mga patay. Walang pasubali. Sumasampataya tayong namatay si Jesus at nabuhay na mag-uli. Sumasampalataya tayo roon. “Pagpapatong ng mga kamay, para sa mga maysakit,” ’yun nga ang sabi rito. “Lalakip ang mga tandang ito sa magsisimsampalataya. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila’y magsisigaling.” Naniniwala tayo riyan.

Ngunit ano ito? Ang sabi ni Pablo, “Ang lahat ng ito’y mga patay na gawa.” Ito’y bagay na kayo ang may gawa.

107 “Ngayon tayo’y mangagpatuloy sa kasakdalan.” Oh, grabe! Patungo na tayo sa Tabernakulo, hindi sa pundasyon; kundi sa Tabernakulo, sa Mismong Tabernakulo. Ang pundasyon: ang batas, at ang katuwiran, at—at—at—at pakikianib sa iglesya, at ang mabautismuhan, at—at ang pagpapatong ng mga kamay. Ang lahat ng mga iyon ay mga panuntunan ng iglesya.

“Ngunit ngayon tayo’y mangagpatuloy na sa kasakdalan.” At may Isa lamang na sakdal, ’yun ay si Jesus.

108 Papaano tayo makakapasok sa Kanya? “Sa pamamagitan ba ng mga Methodist?” Hindi. “Pentecostal?” Hindi. “Baptist?” Hindi. “Sa pamamagitan ng isang iglesya?” Hindi. “Katoliko Romano?” Hindi.

109 Papaano tayo makakapasok Dito? Roma 8:1.

> *Ngayon nga’y wala nang anomang hatol sa* mga na *kay Cristo*. . .*na hindi na nagsisilakad ng ayon* sa mga bagay ng sanlibutang ito*, sa laman, kundi ayon sa* mga bagay *ng Espiritu,* na hindi na pansin ang anumang sasabihin ng sanlibutan.

110 Kahit na may karamdaman ka, tapos sasabihin ng doktor, “Mamamatay ka,” hindi mo ’yan papansinin, hindi ka n’yan maliligalig kahit kaunti.

111 Sabihin man nila sa inyo, “Kailangan mong maging isang Katoliko bago ka maligtas, o isang Presbyterian, o gawin *ito*,” hindi mo na ’yan papansinin.

"Kaya't wala nang anumang hatol sa mga na kay Cristo Jesus, na hindi nagsisilakad ng ayon sa laman, sa mga bagay na nakikita nila." Ang lahat nga nitong nakikita n'yo nang inyong mga mata ay ukol sa lupa.

112 Bagkus sa mga bagay na nakikita n'yo sa inyong espiritu, sa pamamagitan ng Salita! Ang Salita ay ang salamin ng Diyos na nagpapaaninag kung ano Siya at kung ano kayo. Hallelujah! Oh, grabe! Sinasabi nga nito sa inyo. Ito ang nag-iisang Aklat sa mundo na nagsasabi sa inyo kung saan kayo nagbuhat, kung sino kayo, at saan kayo patutungo. Pakitaan n'yo ako ng isang pahina ng panitikan, saanman, sa buong siyensiya man o sa anumang iba pa, sa bawat magagandang aklat na naisulat, wala nga riyan ang makapagsasabi nito sa inyo. *Ito* ang salamin ng Diyos, na nagpapakita kung ano Siya at ano kayo. Hayan nga't, sa pagitan niyan ay ang lipi ng Magkakadugo, na nagpapakita kung anong maaaring maging ikaw kung ikaw ay magpapasya. Hayan nga.

113 "Sa isang Espiritu," hayan nga, Unang Mga Taga-Corinto 12. Papaano tayo makakapasok sa Katawang iyan?

"Sa pakikipagkamay ba?" Hindi, po. "Sa pakikianib ba sa iglesya?" Hindi, po. "Sa pagpapabautismo ba nang patalikod, paharap? Sa pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo? Sa Pangalan ni Jesus Cristo? Sa pangalan ng Rosas ng Sharon, Lila ng Libis, Tala sa Umaga? Sa anumang ibig n'yo?"

Walang anumang kaugnayan 'yan dito. "Paghiling lamang 'yan ng isang mabuting budhi sa Diyos." At kahit pa nga ganyan ay nag-aaway tayo, at nagbabangayan, nagtatalu-talo, at naghihiwalayan, at gumagawa ng mga di-pagkakaunawaan. Ganoon nga. "Hayan nga't mga patay na gawa ang lahat ng 'yan." Patungo na tayo sa kasakdalan.

114 Ito'y mga bagay na ako ang may gawa. Isang ministro ang nagbautismo sa inyo. Kahit na binautismuhan pa niya kayo nang papaharap, papatalikod, o tatlong beses, apat na beses, o isang beses, o papaano man niya 'yan isinagawa, wala 'yang anumang kaugnayan Dito. Nabautismuhan lamang kayo sa pakikisama sa iglesyang iyon, para ano, para patunayan sa iglesyang iyon na: nananampalataya kayo sa kamatayan, paglilibing, at pagkabuhay na mag-uli ni Cristo. Pagpapatong ng mga kamay, upang pagalingin ang mga maysakit, mainam naman 'yang talaga, ngunit, sa natural na kalagayan lang 'yan, at ang katawang 'yan ay mamatay na sintiyak na kayo'y nabubuhay. Mamamatay nga itong muli. "Ngayo'y itabi natin ang lahat ng mga bagay na iyan, at mangagpatuloy tayo sa kasakdalan."

115 Papaano tayo makakarating sa kasakdalan? Iyan nga ang nais nating malaman.

. . .*sinakdal* na ni Cristo . . .

"Ipinasan sa Kanya ng Diyos ang kasamaan nating lahat. Siya ay nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa Kanya, sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo." Iyon ang Katawan na nais nating marating. Iyon nga ang Katawan. Bakit? Kung kayo'y nasa Katawang iyon, hindi n'yo na makikita pa ang paghatol, hindi n'yo na dadanasin ang kamatayan. Malaya na kayo sa lahat ng kamatayan, kahatulan, kasalanan, at lahat na ng iba pa, kapag kayo ay nasa Katawang iyon.

116 "Papaano ka makapapasok Dito, mangangaral? Sa pakikianib ba sa tabernakulong ito?" Mapapahamak ka, pa rin. Hindi nga sa pag-anib, paano 'yan; wala naman tayong aklat dito nang pagdalo. "Papaano tayo makakapasok Dito? Sa pag-anib sa isang iglesya?" Hindi, po. "Papaano kayo makakapasok Dito?" Isinisilang kayo Rito.

117 Unang Mga Taga-Corinto 12.

> *Sapagka't sa isang Espiritu* ay *binabautismuhan* tayong *lahat sa isang katawan,. . .*

118 Sa pamamagitan nga ng bautismo ng Espiritu Santo, nabautismuhan tayo sa Katawang iyon, at malaya na mula sa kasalanan. Hindi na kayo ang nakikita ng Diyos; si Cristo na ang nakikita Niya. At habang naroon kayo sa Katawang iyon, hindi na nga maaaring hatulan ng Diyos ang Katawang iyon. Hinatulan na Niya Ito. Inako Niya ang ating mga kahatulan at inanyayahan tayong pumasok. At sa pananampalataya, sa pamamagitan ng biyaya, ay nagsipasok tayo at tinanggap ang pagpapatawad sa atin. At dinadala tayo ng Espiritu Santo sa pakikisamang ito sa Kanya. "At hindi na tayo lumalakad pa ng ayon sa mga bagay ng sanlibutan, kundi lumalakad na tayo sa Espiritu."

Binuhay, pumarito sa atin ang Salita. Namatay Siya imbis na ako. Binuhay nga ako. Narito ako, na dating patay sa kasalanan at mga pagsalangsang, binuhay ako. Ang lahat ng hinahangad ko ay paglingkuran Siya. Ang lahat ng pag-ibig ko ay para sa Kanya. Ang lahat ng mga lakad ko ay sa Kanyang Pangalan lamang, na saanman ako tutungo, anuman ang gawin ko, Siya ang niluluwalhati ko. Nangangaso man ako, nangingisda man ako, naglalaro man ako ng bola, anuman—anuman ang ginagawa . . . anuman ang ginagawa ko, dapat ngang, "si Cristo na narito sa akin," sa ganyan ngang buhay, na nanaisin ang mga taong maging; hindi nagdadaldal, naninira, at nakikipagtalo tungkol sa inyong mga iglesya. Nakuha n'yo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

"Sa isang Espiritu ay binabautismuhan tayo papasok sa Katawang iyon." "At pagka Aking makita ang Dugo, ay lalampasan Ko kayo."

119 Pakinggan n'yo. Basahin nga natin ang narito sa ibaba, sige po.

> . . . kailan pa man ay *di maaaring magpasakdal sa nagsisilapit.*

"Sa ibang . . ." Sa ika-2 talata, sa ika-10 kabanata.

> *Sa ibang paraan ay hindi kaya baga* sila *nagsipaglikat ng paghahandog?*

120 Kung maaaring magpasakdal iyon ng tao . . . At kasakdalan ang hinihingi ng Diyos. Kung kaya ng pagtupad sa lahat ng mga kautusan, kung kaya ng paggawa sa lahat ng utos, na pasakdalin kayo, kung gayo'y hindi—hindi na kailangan ng anupamang iba; sakdal na kasi kayo. Sapagkat, kapag sakdal na kayo, kayo'y Walang Hanggan. Sapagkat, ang Diyos ang nag-Iisang Walang Hanggan, at ang Diyos ang nag-Iisang sakdal. At ang tanging paraan na kayo'y magiging Walang Hanggan, ay ang maging bahagi ng Diyos. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

> . . . *yamang nalinis na minsan ay . . . hindi na nagkaroon pa ng budhi sa* kasalanan.

Ano? "Ang nagsisisamba yamang nalinis na minsan, ay hindi na magkaroon pa ng *budhi* . . ." Kung isusulat n'yo ang salin niyon, magiging "pagnanasa."

> . . . *ang* nagsisisamba *yamang nalinis na minsan . . . ay hindi na nagkaroon pa ng* pagnanasa *sa* kasalanan.

> . . . kung *ang* mananamba ay *nalinis na minsan* . . .

121 Tatayo kayo at sasabihin, "Oh, hallelujah, naligtas na ako kagabi. Pero, buweno, purihin pa rin ang Diyos, napatalikod man ako nung *babaing* iyon sa pananampalataya. Hallelujah, balang araw ay maliligtas akong muli." Isa ka ngang kahabag-habag na di naturuang mangmang. Hindi 'yan ganyan.

122 "Ang mananamba yamang nalinis na minsan ay wala nang pagnanasa sa kasalanan," sabi ng Biblia. Pakinggan n'yo, habang ipinagpapatuloy natin ang pagbasa, sa ilang saglit.

> *Nguni't sa mga hain yaon ginagawa* . . . na inaalala laban sa kasalanan taon-taon.

123 Ngayon ituloy na natin sa baba, dito sa ika-8 talata, upang makatipid ng oras, at matumbok ko 'yung pinakapunto ko.

> *Sa itaas* ay *sinasabi, Mga hain at* mga handog *at mga handog na susunuging buo . . . patungkol sa kasalanan ay hindi mo ibig, at di* mo *rin kinalulugdan; mga bagay na inihahandog ayon sa kautusan;*

124 Ika-9 na talata.

> *Saka sinabi niya, Narito, ako'y pumarito upang gawin ang iyong kalooban, Oh Diyos. Inaalis niya ang* . . .

inaalis. . .*Inaalis niya ang una,* ang kautusan, *upang maitatag ang ikalawa.*

125 Sana'y may panahon pa tayo para pagbulay-bulayan 'yan nang matagal. Hangga't kayo nga'y isang Presbyterian, o isang Pentecostal, o Baptist, o Methodist, ay wala Siyang magagawa sa inyo. Kinakailangan Niyang alisin ang lahat ng 'yan, muna, kita n'yo, upang maitatag Niya ang ikalawa. Hangga't sinasabi ninyong, "Buweno, isa akong Methodist." Ah, wala po akong anumang laban sa mga Methodist, o mga Baptist, o Pentecostal. Ngunit, kapatid, hindi—hindi 'yan ang mag-aalis sa iyo riyan. Kailangan n'yong magpatuloy dun sa kasakdalan, na naroon kay Cristo.

126 Masdan n'yo ito ngayon, nang ilang saglit.

*Sa kaloobang yaon. . .tayo'y pinapaging-banal, sa pamamagitan ng pagkahandog ng katawan ni Jesus Cristo na minsan magpakailan man.*

127 Huh? Magpatuloy nga tayo sa pagbasa, at huwag n'yong iwaglit sa isip ang bagay na 'yan. Hayaan n'yong tumimo 'yan habang nagbabasa tayo, "Minsan magpakailanman."

*At katotohanang ang bawa't saserdote na araw-araw ay nangangasiwa ng* patayo at *naghahandog na* madalas *ng gayon ding* hain*, na hindi makaalis kailan pa man ng* kasalanan*:*

*Nguni't siya, . . .*

Handa na ba kayo? Nakabukas na ba ang tsaleko n'yo ngayon, para hindi ito sasablay, at tatama ito mismo sa puso? "Ngunit Siya." Aling Siya? Hindi ang papa ng Roma, hindi ang obispo ng iglesyang Methodist, o anumang iba pang iglesya.

*Nguni't siya,* si Cristo, *nang makapaghandog ng isa lamang hain patungkol sa* kasalanan *magpakailan man, ay umupo* sa *kanan ng Dios;*

*Buhat noon ay naghihintay hanggang sa ang kaniyang mga kaaway ay maging tungtungan ng kaniyang mga paa.*

Masdan n'yo. Heto pa.

*Sapagka't sa pamamagitan ng isang* paghahandog ay *kaniyang* p-i-n-a-s-a-k-d-a-l, ay *kaniyang pinasakdal. . .*

"Hanggang sa susunod bang rebaybal"? Anong sabi dun?

. . .ay *kaniyang pinasakdal magpakailan man ang mga pinapagiging-banal.*

Nakukuha n'yo po ba? "Tayo'y mangagpatuloy sa kasakdalan."

128 Ngayon kayong mga holiness people sasabihin n'yo, "Oh, siyempre, naniniwala kami sa kabanalan. Hallelujah! Naniniwala kami sa pagpapaging banal." Ngunit ginagawa n'yo ito sa ganang inyo. Titigil kayo sa *ganito* at titigil kayo sa *ganyan*. Alam ninyong hindi ganyan ang dapat na gawin dito.

Maliban na buksan ni Cristo ang pintuan at buhayin ito sa inyong puso, at maging dako kayo kung saan patay na ang kasalanan, at ang pagnanasa, wala na ngang lahat ito. Hayan nga't, aalisin Niya ang pagiging matuwid n'yo sa ganang sarili, at itatatag Niya ang Sarili sa inyo. "At iyan si Cristo, ang Anak ng Diyos, na nasa inyo, ang pag-asa sa Kaluwalhatian."

*. . . tayo'y mangagpatuloy sa kasakdalan;*

129 Papaano tayo magiging sakdal? Sa pamamagitan ng kamatayan ni Cristo. Hindi sa pakikianib sa iglesya. Hindi sa ating mga mabubuting gawa, na nagagawa natin. Mainam naman ang lahat ng 'yan. Hindi dahil nabautismuhan tayo sa *ganitong* paraan o *ganoong* paraan. Hindi dahil sa gumaling tayo, sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay. Hindi dahil sa alinman sa mga ito, "Sumasampalataya tayo sa kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli."

130 Sabi ni Pablo. "Kung ako'y magsalita ng mga wika ng gaya ng mga tao at ng mga Anghel," parehas na binanggit itong mga wikang naiintindihan at itong mga wikang di naiintindihan, na kinakailangan pang ipaliwanag, "Wala akong kabuluhan. At kung magkaroon ako ng kaloob ng kaalaman at malalaman ko ang lahat ng karunungan ng Diyos," upang maipaliwanag ang Biblia, at . . . paglakip-lakipin ito, "wala akong kabuluhan." Hayan nga't wala palang masyadong mabuting naidudulot ang pagpasok ng paaralan kung gayon, di po ba, upang doon pag-aralan ang Biblia? "Kung magkaroon ako ng pananampalataya na anupa't mapalipat ko ang mga bundok . . ." Wala palang masyadong kabuluhang naidudulot ang mga pangmalawakang gawain ng pagpapagaling kung gayon, di po ba? "Wala akong kabuluhan. Kung ibigay ko ang aking katawan upang sunugin bilang isang handog."

131 "Oh," sasabihin nila, "relihiyoso naman ang taong 'yan."

132 "Subalit wala siyang kabuluhan," sabi ni Pablo, "huwag nga kayong maging walang kabuluhan."

133 "Sapagkat kahit maging mga wika, ang mga ito ay titigil; maging mga propesiya, ito ay matatapos; kung saan mayroon ang lahat ng iba pang mga bagay na ito, ay matatapos. Datapuwat kung dumating na ang sakdal, ang bahagya ay matatapos." Kita n'yo, 'yung "sakdal." Ano ang sakdal? Pag-ibig. Ano ang pag-ibig? Ang Diyos. "Itabi natin ang lahat ng munting mga patay na gawa at palatuntunan, at magpatuloy tungo sa kasakdalan." Nakikita n'yo ba ito? Pinasakdal na tayo sa pamamagitan ni

Cristo. Papaano tayo makapapasok Dito? Sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo.

134 "Kaya naman, anong mangyayari?" Lumipat na kayo sa Buhay mula sa kamatayan.

135 "Buweno, manginginig ba ako, lulundag ba, gagawin ito?" Hindi—hindi n'yo na, kailangan pang gumawa ng kahit ano. Nagawa n'yo na ito, dinala na kayo ng Diyos sa Buhay mula sa kamatayan, at kayo'y nabubuhay na. Pagkatapos ay ipakikita ito ng inyong mga bunga sa inyong buhay.

136 Marami sa inyo na mga Methodist at mga Nazarene ay makahihiyaw sa abot ng inyong makakayang ihiyaw, pero makapagnanakaw pa rin ng mais sa taniman ng iba, ganoon nga, ginagawa n'yo na ang lahat.

137 Marami sa inyo na mga Pentecostal ay nakapagsasalita ng iba't ibang wika, na parang nagbubuhos ng gisantes sa tuyong balat ng baka, tunay nga, pero pumupuslit kayo at tumatakas kasama ang asawa ng may asawa, nagagawa ang lahat ng ganitong uri ng mga bagay. Hindi nga ganoon Ito, kapatid.

138 Huwag n'yo nang ipagpilitang magkaroon ng anumang sensasyon o anumang bagay para ipagpalit sa lugar ng Espiritu Santo. Kapag dumating na ang bagong Kapanganakan, kayo'y mababago. Hindi n'yo kailangang gumawa ng kahit ano para patunayan ito. Patutunayan ito ng inyong buhay, sa inyong paglakad. Ang inyong pag-ibig, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kaamuan, pagtitiis. Iyan na nga kayo, at makikita ng buong sanlibutan ang larawan ni Jesus Cristo sa inyo.

139 Ngayon, ang pagsasalita sa iba't ibang wika, ang pagsigaw man, mga katangian lang ito na sumusunod sa ganitong uri ng Buhay.

At maaari nga ninyong kunin, gayahin ang gayung mga katangian, at hindi pa rin taglay ang Buhay na iyon. Nakikita natin ito. Ilan ang nakakaalam na totoo nga ito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Siyanga, alam nga ninyo. Tunay ngang alam na alam ninyo. Naku! Nakikita n'yo nga ito sa buong paligid.

140 Kaya, wala kayong masasabing ito ang katibayan ng Banal na Espiritu, maliban sa inyong buhay na ipinamumuhay. Ngayon, kung nais ninyong magsalita sa iba't iba wika, 'yun ay napakainam naman kung ipinamumuhay n'yo ang buhay para maging patunay. Siyanga. At kung gusto n'yong sumigaw-sigaw, walang problema, mabuti 'yan. Sumisigaw rin naman ako, hayan nga't, sa sobrang galak ko nga minsan ay halos makaligtaan kong magsuot ng pares ng sapatos; parang gusto kong maglulundag na di suot ang mga 'yun. At napakainam naman nun. Naniniwala ako roon.

141 Nakakita na ako ng mga pangitain, at gumaling ang mga may sakit, nabuhay ang mga patay. Sa panahong nakaratay sila roon at nililisan sila ang mga doktor at sinasabi, "Wala na silang pag-asa at wala na ngang talaga," nakaratay roon nang ilang oras; at bababa ang Espiritu Santo at magpapakita ng pangitain, paroroon at babangunin ang taong 'yun. Nakita ko na ang mga bingi, pipi, at bulag, at baldado, na lumakad. Hindi iyon . . . Mga katangian lang iyon.

142 Kapatid, matagal nang panahon ang nakalipas, bago pa man magkaroon ng patibayan ang sanlibutan; ang Diyos sa Kanyang Walang Hanggang biyaya, tumunghay Siya, at sa pamamagitan ng paunang kaalaman ay nakita Niya na kayo at ako. Alam na Niya ang panahong kabubuhayan natin. Alam na Niya kung magiging ano tayo. Samakatwid, sa pamamagitan ng paghirang, ay pinili na Niya tayo bago pa man maitatag ang sanlibutan, upang makasama Siya na walang dungis.

143 Ngayon, kung pinili na Niya tayo bago pa man matatag ang sanlibutan upang maging nasa Kanya na walang dungis, at ipinanganak tayong puno ng dungis, at walang kahit ano ang may kakayahang . . . walang may kakayahang makalinis sa atin, papaano tayo magiging walang—papaano tayo magiging walang dungis? "Isinugo Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sa Kanya'y sumampalataya ay hindi magkaroon ng wakas ng buhay, kundi magkaroon ng Walang Hanggang Buhay; huwag mapahamak, kundi magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan." Kung magkagayon nga sa ating pagpasok sa Kanya, sa pananampalataya, sa pamamagitan ng biyaya ay iniligtas tayo, ng Espiritu Santo na tumatawag sa atin.

144 Bago pa man nagkaroon ng isang katawan sa lupang ito, ang mga katawan ninyo ay nakahimlay na rito. Binubuo ito ng calcium, potash, hamog, kosmikong—kosmikong liwanag, mga petrolyo, at kung anu-ano pa, labing anim na elemento. At nagsimulang limliman ng Espiritu Santo ang ibabaw ng lupa, "nakipagniig." At sa paggawa Nito, hindi mo namamalayan, umusbong na ang isang munting bulaklak ng Pagkabuhay. Pagkatapos ay lumimlim Siya upang sumibol ang ilang damo, at ilang ibon, at maya-maya, lumitaw na ang isang tao.

145 Ngayon, hindi Siya gumawa ng isang babae mula sa alabok ng lupa. Ang babae ay nasa lalaki na, sa umpisa; ang lalaki at babae ay iisa. Kaya kumuha Siya sa tagiliran ni Adan, ng isang tadyang, at gumawa ng isang babae, isang katuwang niya. At pagkatapos nun ay pumasok ang kasalanan. At pagkatapos na makapasok ang kasalanan . . .

146 Hindi magagapi ang Diyos, kahit na anong mangyari. Hindi Siya kailanman matatalo. Pagkatapos, nagsimulang magluwal ang mga babae ng tao sa lupa. At ang Diyos, sa pamamagitan ng Walang Hanggang biyaya, ay nakita na kung sino ang maliligtas,

at tinawag Niya kayo. "Walang taong makalalapit sa Akin, maliban na tawagin siya ng Aking Ama, muna." "Hindi sa may ibig, o sa tumatakbo, kundi ang Diyos na naaawa."

147 Sasabihin n'yo, "Buweno, hinanap ko ang Diyos. Hinanap ko ang Diyos." Hindi, hindi kayo ang naghanap. Ang Diyos ang naghanap sa inyo. Ganoon nga ito noon pa man sa pasimula.

148 Hindi si Adan ang nagsabi, "O Ama, Ama, nagkasala ako. Saan Ka naroon?"

149 Ang Ama ang nagsabi, "O Adan, Adan, saan ka naroon?" Iyan ang kalikasan ng tao. Iyan ang katangian ng tao. Iyan ang pagkayari sa kanya.

150 "At walang taong makalalapit sa Akin maliban na dalhin siya ng Ama. At ang lahat ng ibinibigay sa Akin ng Ama . . . " Hallelujah! "Ang lahat ng lumalapit, pagkakalooban Ko sila ng Buhay na Walang Hanggan, at Akin silang ibabangon sa huling araw." Isa ngang pinagpalang, pinagpalang pangako, ng isang Diyos ng Langit! Na tatalakayin natin mamayang gabi, na, "Sumumpa Siya sa Kanyang Sarili." Wala na kasing hihigit pa. Nanunumpa nga kayo sa isang mas mataas kaysa sa inyo. Pero wala nang mas dakila, kaya nanumpa ang Diyos sa Kanyang Sarili. Tatalakayin natin 'yan, kung papaano Niya ginawa ito at kung kailan Niya ginawa ito; na nanumpa sa Kanyang Sarili, na tayo'y babangunin Niya at gagawin tayong Kanyang Sariling pinakamana.

151 Oh, napakasakdal nga at napakatatag nga ng ating pagkakatayo, ngayong umaga! Hayan nga't makakaya mong makipagsabayan ng tingin, kung nakatitig ang kamatayan sa inyong mismong mukha, at masasabi n'yo nga tulad ni Pablo, "Kamatayan, saan naroon ang iyong tibo? Libingan, saan naroon ang iyong pagtatagumpay? Datapuwat salamat sa Diyos, Na nagbigay sa atin ng pagtatagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesus Cristo." Hayan nga. Bakit?

152 "Oh, nagawa mo ang *ganito-at-ganoon*."

153 "Alam ko, ngunit natatakpan na ako ng Kanyang Dugo." Hallelujah!

154 "Sa isang Espiritu, ay binautismuhan tayong lahat sa isang Katawan." Kayong mga Methodist, mga Baptist, mga Presbyterian, anuman kayo, nabautismuhan tayo sa isang Katawan. May pagsasama-sama tayo bilang magkakapatid, at tayo nga'y mga mamamayan ng Kaharian ng Diyos, na nagpapahayag, na, "Hindi tayo taga-sanlibutang ito."

155 Nilapitan ako ng munting dalagita ko, noong isang araw, sabi, "Daddy, *ganito-at-ganoon* ang ginawa nung batang babae. At *ganito-at-ganoon* ang ginawa nila. Nagpunta kami roon sa bahay. *Ganito-at-ganoon* ang ginawa nila." Sabi ko . . . Sabi sa akin, "Bakit hindi natin ginagawa ang ganoon?"

156 Sabi ko, "Iha, hindi tayo tagariyan sa sanlibutang 'yan. Nabubuhay sila sa isang sanlibutang para sa kanila."

157 Sabi, "Hindi ba't lumalakad naman tayong lahat sa iisang lupa?"

158 Sabi ko, "Sa makasanlibutan ang tinutukoy ko, anak. Hindi tayo kabilang sa mga taong gaya nila."

159 Sinabi ng Biblia, "Magsialis kayo sa kanila, magsihiwalay kayo, sabi ng Diyos." Kita n'yo, hindi nga kayo taga-riyan. At kapag ang bagong Kalikasang iyon ay dumating na sa inyo, hindi na kailangan pang hilain kayo palabas. Ayaw n'yo nang tumalikod, gaya ng asawa ni Lot. Sadyang ipinanganak kayo, mula rito. At naroon na kayo sa ibang kalalagayan. At parang basura na ang tingin n'yo sa mga bagay na 'yun.

At itong, dakila, at kahali-halinang Amerika na tinitirhan natin, naging isang malaking kaguluhan na ito. Punung-puno na ng masamang pita ng laman at mga kababaihan. At ang pananamit nga ng mga kababaihan, at ang ikinikilos ng mga kalalakihan, at—at hayan nga sa mga bagay na ginagawa nila, aba'y nagawa pa nilang tawagin ang kanilang mga sarili na, "mga Cristiano."

160 Halimbawa, itong si Elvis Presley, pumunta siya ngayon at nakianib sa iglesyang Pentecostal. Hayan nga't, sa ganyan din nakuha ni . . .Judas ang tatlumpung piraso ng pilak. Nagkaroon si Elvis ng hili-hilera ng mga Cadillac, at ilang—at ilang milyong dolyar, dahil ipinagbili niya ang kanyang pagkapanganay. Si Arthur Godfrey. Tingnan n'yo rin.

161 Tingnan n'yo itong si Jimmy Osborne ng Louisville, naroon siya sa bulok na boogie-woogie, rock-and-roll, kung anu-anong walang kuwentang mga bagay at karumihan. At pagsapit ng Linggo ng umaga, bitbit ang Biblia at tatayo sa entablado at mangangaral. Anong kahihiyan!

Hindi na nga kataka-takang sinabi ng Biblia, "Lahat ng mga dulang ay puno ng suka." Aba, nakaririmarim na talaga ang panahong kinabubuhayan natin!

162 At sinasabi ng mga tao, "Oh, napakarelihiyoso naman nila." Oh! Hindi n'yo ba alam na relihiyoso ang diyablo? Hindi ba n'yo alam na relihiyoso rin si Cain gaya ni Abel? Ngunit, hindi niya taglay ang Kapahayagan. Ganoon nga. Hindi niya taglay ang Kapahayagan.

Oo, nagsisimba tayong lahat, ngunit may iilan lamang na taglay-taglay ang Buhay, 'yung mga may Kapahayagan ni Jesus Cristo sa kanilang puso. Hindi sa pamamagitan ng pakikipagkamay, paglundag, hindi sa pamamagitan ng pag-anib sa iglesya. Kundi, sa Kapahayagan, na inihayag sa Kanya ng Diyos.

163 Tingnan n'yo rito kung ano ang sabi, "Ano ang sabi ng mga tao kung Sino Ako, ang Anak ng tao, baga?"

164 "Sabi ng ilan na Ikaw ay 'isang propeta.' At sabi ng ilan na Ikaw si 'Elias.' At sabi ng ilan . . . "

Sabi, "Ngunit anong sabi ninyo?"

165 Sabi ni Pedro, "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay." Hindi 'yun nanggaling sa kanyang mga labi.

166 Sabi Niya, "Mapalad ka, Simon, na anak ni Jonas, sapagkat hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at dugo. Hindi mo natutunan ito sa kung anong—kung anong panuntunang moralidad ng Biblia, o sa isang seminaryo para mag-aral ng teolohiya. Mapalad ka, sapagkat hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at dugo. Kundi ipinahayag ito ng Aking Amang nasa Langit. At sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng hades ay hindi magsisipanaig laban sa Kanya."

167 Kung isa kang Cristiano, ngayong umaga, dahil sa pakikianib mo sa iglesya, mapapahamak ka. Kung isa kang Cristiano dahil lumipat ka na sa Buhay mula sa kamatayan, malaya ka na sa kahatulan; kay Cristo, nagiging sakdal ka sa tuwina. Wala nang nakikita pang anumang bagay ang Diyos. Sasabihin n'yo, "Buweno, magkakamali pa ba ako?" Oo, ngunit hindi n'yo ito sinasadyang gawin.

168 Ngayon dadako na tayo riyan, sa ilang mga minuto na lang, "Sapagkat siya na sinasadya ang pagkakasala pagkatapos na matanggap niya ang pagkilala sa Katotohanan, ay wala nang haing natitira pa tungkol sa kasalanan." Matatalakay natin 'yan mamayang gabi, dahil halos magtatanghali na.

169 Magbasa na lamang tayo ng ilan pang mga talata rito, para mas lalo pang uminam ang pakiramdam natin sa pagtalakay pa natin nang kaunti. Sige. Buweno, sisimulan natin 'yan agad-agad ngayong gabi, sa ika-4 na talata. Pakinggan n'yo ito.

> *Sapagka't tungkol sa mga minsang naliwanagan, at* nagawa nang . . . *at* mangyaring . . . *at nakalasap ng* kapangyarihan, *ng* mga kaloob *ng kalangitan, at mga nakabahagi ng Espiritu Santo,*
>
> *At . . . nakalasap ng mabuting salita ng Dios, at ng* kapangyarihan *ng panahong darating,*
>
> *At saka nahiwalay sa Dios, ay di maaaring baguhin* sila . . . sa *pagsisisi;* . . .

Kita n'yo? At dadalhin natin 'yan sa Mga Hebreo 10, at magpapabalik-balik tayo, upang ipakita kung ano ito.

170 Mga kaibigan, "Tayo'y mangagpatuloy sa kasakdalan." Tayo nga'y . . . wala nang . . . Wala na tayong maidadahilan pa ngayon. Wala na tayong maidadahilan, na kahit anuman. Nagpakita na

ang Diyos ng Langit sa mga huling araw na ito at ginagawa ang siya ring mga bagay na ginawa Niya noon, noong naparito Siya noon, noong naririto Siya sa lupa. Pinatunayan Niya, sa pagtalakay natin sa Bibliang ito. At kayo—kayo, na mga narito sa pag-aaral, alam n'yo nga, na natalakay na nating lahat himala sa himala, at tanda sa tanda, at kababalaghan sa kababalaghan, na ginawa Niya sa mga anak sa ilang, ang mga bagay ngang ito at mga tandang ginawa Niya; ang mga bagay na ginawa Niya noong naririto Siya sa lupa, bilang nahayag sa laman; at maging ang siya rin mismong mga bagay na nagaganap ngayon, dito mismo sa piling natin. Heto ang Salita upang magpatunay rito. Heto ang bagay na makapagsasabi na tama nga ito, upang ilagay ito sa tama. Heto ang Espiritu ng Diyos upang gumawa ng siya ring bagay, kaya naman wala na tayong maidadahilan pa.

Manalangin tayo.

171 Makalangit na Ama! Yamang nakukubkob kami ng makapal na bilang ng mga saksi, itabi naming walang liwag ang bawat salita, ang lahat nga, ng kamalian, bawat masamang salita, bawat masamang salitang nabigkas, bawat kaisipan, "at aming takbuhing may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa harapan namin, na pinagmamasdan ang gumawa at sumakdal ng aming pananampalataya, ang Panginoong Jesus Cristo." Oh purihin ang Kanyang wala ngang kapantay at banal na Pangalan! Hayan nga't pumarito Siya sa lupa upang tubusin ang taong nahulog sa pagkakasala, at upang ibalik sila sa pakikisama sa piling ng Panginoong Diyos. At kami nga po'y abot-abot ang pasasalamat sa Iyo para rito. At ngayon sa Kanyang biyaya . . . Hindi nga kami ang pumili sa Kanya, kundi Siya ang pumili sa amin. Sinabi Niya, "Ako'y hindi ninyo hinirang, ngunit kayo'y hinirang Ko." Kailan? "Bago pa man maitatag ang sanlibutan."

172 At, mahal na Diyos, kung may ilan pong nakaupo rito ngayong umaga, na marahil ipinagpapaliban 'yun sa loob ng maraming taon, subalit may isang munting pagkatok sa puso sa tuwina. Marahil sila'y nakianib sa iglesya, iniisip na, "Siguro naman, magiging ayos na rito." Ama, tunay nga, naipaliwanag na ito ng Mga Kasulatan ngayong umaga: na walang makapagtatago sa likod ng isang iglesya, at magiging matuwid; ni hindi rin uubra ang maging mabait, di nagsisinungaling ni nagnanakaw ni gumagawa ng anumang masama, at magiging matuwid pa rin.

173 May iisang katuwiran lamang na nasa amin, na di ganang sa amin, kundi sa Kanyang katuwiran. Sinakdal Niya ang aming kaligtasan. Kung kaya't, dahil nasa Kanya na kami, hindi na tinitingnan ng Diyos ang aming mga kamalian. Kapag nakagagawa kami ng anumang kamalian, may isang espiritu sa kalooban namin na sumisigaw, "O Ama, patawarin Mo ako!" Kung magkagayo'y hindi na ito tinitingnan ng Diyos.

Dahil, dinala na kami sa pakikisama at biyaya sa piling Niya. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon, habang isinasara namin ang gawaing ito, sa Pangalan ni Cristo. Amen.

174 Sandali lamang po, nais ko kayong tanungin. Hayan nga't kahit anuman ang gawin n'yo, mapapahamak pa rin kayo. Pakinggan n'yo ito. Di pa ganoong katagalan. . . marahil ay naikuwento ko na ito dati. Heto ang isang munting karanasang nangyari sa akin.

175 Naroon ako noon sa—sa Toledo, Ohio. Naroon ako sa isang rebaybal at—at nagdaraos ng isang pagtitipon doon at napakarami ngang mga tao. Kabisado nila kung saan naroon 'yung mga hotel; kaya sinamahan nila ako roon. Tumuloy ako roon, sa isang maliit na motel.

176 Doon kami kumain sa isang munting Dunkard restawran. Napakainam na lugar nga nun, 'yung mga kadalagahang naroon, talagang masasabi mong mga Cristiano at napakabanal tingnan, marangal at talagang kalugod-lugod. Noong dumating ang Linggo, nagutom ako. Nag-ayuno kasi ako nang kaunti. At napagpasyahan ko noong tumawid ng kalsada sa kabila, para bumili ng makakain. May maliit na iskinita roon sa kanto, at naroon ang isang kainan, na karaniwan mong, makikita rito sa Amerika, para sa ganyang mga bagay. May maliit, maliit na puwesto, isang kapihan, na bukas magdamag. Noong pumasok ako roon noong Linggong iyon, mga alas dos na noon ng hapon, bago ako bumalik para mangaral noong hapon ding 'yun, labis akong nagulantang, na hindi ko alam ang gagawin.

177 Pumasok ako dun, at ang unang-unang bumantad sa akin ay isang dalagitang mga nasa labing anim, labing walong taong gulang, mahal na mahal pa naman ni tatay, mahal na mahal pa naman ni nanay, na nakatayo roon kasama ang isang binatilyo, na nakayakap ang dalawang kamay sa balakang nung dalagita. Nakaupo nga roon ang isang grupo ng mga kabataan sa may—sa may pahabang mesa.

178 Narinig ko ang kalansing ng isang slot machine. Paglingon ko *roon*, may isang pulis na nakatayo roon na nakahawak pa ang bisig sa isang babae, sa banda rito, sa may baywang, at naglalaro ng slot machine. Ngayon, alam n'yo ngang bawal ang pagsusugal at slot machine sa Ohio, alam n'yo nga 'yan mga Buckeye. At alam n'yong ipinagbabawal ng batas 'yan. Pero heto ang isang alagad ng batas, naglalaro ng slot machine; at isa sigurong lalaking kaedad ko, may asawa na marahil, may ilang mga anak na, marahil isa na ngang lolo. Isang pulis, na nagpapatrol, naglalaro roon ng slot machine. Naroon 'yung kabataan. . . Anong ginawa roon ng kabataan? Anong ginawa nito?

179 Tumayo ako roon. Walang nakapansin nung pumasok ako, masyado silang abala, tapos lasing pa ang kalahati sa mga naroon. Kaya, nagmasid ako. May narinig akong nagsabi,

"Buweno, sa palagay mo masisira nung ulan 'yung pananim?" At lumingon ako sa dako rito, heto't nakaupo ang isang babae roon, matandang ale, halatang. . .Sisenta y singko anyos na siya, sitenta, mga ganoon. At ang kaawa-awang ale. . .hindi ko masisisi kung bakit siya nagpapaganda. Subalit ang itsura nga niya. . .Yung ayos niya sa kanyang sarili, tinina ng asul 'yung buhok, mangasul-asul talaga. At putol, sobrang ikli, at asul na asul. At talagang napakakakapal ng kanyang pagkaka-manikyur, o kung 'yun ba ang tawag n'yo sa bagay na inilalagay niya sa mukha niya, at ang kapal talaga ng pagkakalagay. At nakasuot pa siya ng napakaiksing shorts, at palibhasa'y ang kaawa-awang matanda ay maraming kulubot sa katawan 'yun tuloy 'yung balat, taba, 'yung balat niya sa may biyas ay nakalaylay na nang *paganoon*. At lasing siya. Nakaupo siya roon kasama ang isang matandang lalaki, at gayung panahon ng tag-init, nakasuot ng isang pinaglumaang, damit panlamig ng sundalo na kulay abo, o parang kulay lumot. Nakalaylay 'yung pahaba nang *paganoon*, at nakapaikot ang isang malaking piraso ng tela sa kanyang leeg. Lasing, dalawa sila, at kasama nila itong hamak na matandang babae.

180 Tumayo ako roon at tumingin-tingin sa paligid. Sabi ko, "Diyos, papaano Mo po ito natatagalan? Hayan nga't—hayan nga't. . .Papaano Mo natitiis tingnan ang isang bagay na gaya n'yan? Samantalang, ako, na isang makasalanang naligtas sa pamamagitan ng biyaya, ay napapaisip, kung papaano Mo natitiis—natitiis tingnan ito? Aba, para bagang pasasambulatin Mo 'yung lugar. Ang aking munting Rebekah o Sarah ba'y hahantong sa ganyang masamang impluwensiya? Ang dalawa ko bang dalagita'y hahantong sa isang—isang palasak, laganap, na sanlibutan gaya ng nangyayari na sa kasalukuyan, kung saan ganyan na ang ikinikilos ng mga tao? Diyos, papaano ko matitiis. . .anong maari kong gawin?"

Hayan nga't, ito'y sa Kanyang biyaya. Kung itinalaga sila sa Buhay na Walang Hanggan, lalapit sila. Kung hindi naman, hindi sila talaga lalapit. Hindi ko alam. Nasa Diyos na 'yun. Gagawin ko lang ang bahagi ko.

181 Naisip ko, "Papaano Mo po ito natatagalan, Diyos? Hayan nga't sa Iyong kabanalan magagawa Mong lipulin ang bagay na 'yan sa ibabaw ng mundo." Sabi ko, "Hayan ang isang kaawa-awang lolang nakaupo roon. Hayan ang isang dalagita sa banda roon. At heto ang isang babaing nakatayo rito, marahil ay dalawampu't limang taong gulang. At ang pulis na 'yun na nakalingkis ang mga bisig sa baywang ng babae, naglalaro ng slot machine. At *hayan* ang kinahantungan ng batas; wala nang kapaga-pagasa ang bansang ito. *Hayan* nga't ang moralidad ng mga ina ay nawala na. *Heto* at ang moralidad ng matatanda ay wala na. At *hayan* nga ang isang dalagitang nakaupo sa banda

roon, at wala nang talaga. Tingnan n'yo ang mga kabinataan, gayong naroon dapat sila sa simbahan o kung saan."

182 Sabi ko, "Oh Diyos, anong puwede kong gawin? Heto nga't narito na ako sa bayang ito, humahagulgol nang buong puso ko, at niwawalang-bahala lang nila ito at nilalampas-lampasan na para bang sila'y . . . " Naisip ko, "Buweno, Diyos?"

183 Buweno, pagkatapos nun ay dumating ang isang kaisipan, "Kung hindi Ko sila tinawag, paano silang lalapit? Ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit. 'May mga mata ka ngunit hindi ka makakita, mga tainga at hindi ka makarinig.'"

184 Naisip ko, "Buweno, kung paririto sa bayan ang Pangulo sa halip na rebaybal, ang lahat ay magsisipunta. Oh, siyempre naman, pangsanlibutan kasi iyon."

185 Tapos naisip ko, "Buweno, Diyos, paano kaya, bakit hindi Mo na lamang po papuntahin, ipaparito, isugo si Jesus at nang matapos na ito? Bakit hindi na lamang—lamang ipadala at nang matapos na ito, at 'yun na 'yun?"

186 Pagkatapos ay nagsimula akong makakita ng isang bagay na kumikilos sa harapan ko. Para ba itong isang maliit na ipo-ipo na umiikot nang *paganito*. Patuloy kong pinagmamasdan 'yun. Nakita ko ang isang mundong umiikot nang umiikot. Pinagmasdan ko ito, at bigla na lang sa puwesto nun ay may tumitilamsik. Tumingin ako, at may mapulang tumitilamsik, matingkad na pulang Dugo, na kumikilos, paikot sa mundo; na para bang isang ipo-ipong nagpapaikot-ikot, na parang isang kometa, at umiikot-ikot 'yun nang *paganito*. At tiningnan ko 'yung ipo-ipo. At sa mismong ibabaw nito, nakita ko si Jesus sa pangitain. Nakatunghay Siya. At nakita ko ang sarili kong nakatayo sa ibaba rito sa mundo, na ginagawa ang mga bagay na hindi ko dapat ginagawa. At sa tuwing nagkakasala ako, nakaamba nang papatayin ako ng Diyos, "Dahil, sa araw na kanin mo ito, ang araw na ika'y mamamatay." At ang hinihingi ng kabanalan at katarungan ng Diyos, ang kinakailangan nga'y mamatay ka. At pagkatapos tumingin ako roon. Makailang ulit kong kinukuskos ang mga mata ko. Sabi ko, "Hindi ako . . . Hindi ako tulog. Tiyak akong . . . Isa itong pangitain. Natitiyak kong isa itong pangitain."

187 Patuloy ako sa pagmamasid, habang nakatayo ako sa likod ng pinto. At nakita kong pumapaitaas ang sarili kong mga kasalanan. At sa tuwing nakaamba nang tumama sa Trono ang mga 'yun, ang Kanyang Dugo ay nagsisilbing katulad ng isang bumper ng sasakyan. Nasalo Nito iyon, at nakita ko Itong umalog, at ang Dugo ay umaagos sa Kanyang mukha. At nakita kong itinaas Niya ang Kanyang mga kamay, at nagsabi, "Ama, patawarin Mo siya, hindi niya alam ang kanyang ginagawa."

188 Nakita ko ang sarili kong may ginagawa na namang di karapat-dapat, inalog Siya nitong muli, nang mabunggo. Nung

mga sandaling iyon, nakaamba nang patayin ako ng Diyos, ngunit sinasalo ako ng Kanyang Dugo. Pinipigilan Nito ang mga kasalanan ko. Naisip ko, “Oh Diyos, ako ba ang nakagawa nung mga bagay na iyon? Siguradong hindi ako.” Ngunit ako palang talaga.

189 Pagkatapos ay naglakad ako nang *paganito*, gaya nung pagpasok ko kanina sa silid na ’yun, at dumulog ako sa Kanya. Nakakita ako ng aklat na nakalapag doon, nakalagay roon ang pangalan ko, at pati ang ilan pang nakasulat doon sa itim na tinta. Sabi ko, “Panginoon, patawad po at nagawa ko ito. Idinulot ba ng mga kasalanan kong mangyari ’yan sa Iyo? Ako ba ang dahilan ng pagikot-ikot ng Iyong Dugo sa palibot ng mundo? Ako po ba—ako po ba ang may gawa nito sa Iyo, Panginoon? Patawad po at nagawa ko ito.” At iniabot Niya ang Kanyang kamay. Sabi ko, “Mapatatawad Mo po ba ako? Hindi ko po ito sinasadya. Ako. . . Sa Iyo, sa Iyong biyaya, sisikapin kong maging mas mabuting anak kung tutulungan Mo lamang ako.”

190 Inilayo Niya ang Kanyang kamay at inilagay sa Kanyang tagiliran, itinaas ang Kanyang daliri at isinulat “pinatawad na” sa aklat ko; initsa ’yun sa Kanyang likuran, sa Dagat ng Pagkalimot. Pinagmasdan ko iyon nang ilang saglit. At sabi Niya, “Ngayon, pinatatawad na Kita, ngunit gusto mong hatulan ’yung babae.” Kita n’yo? Sabi, “Napatawad ka na, ngunit papaano naman siya? Gusto mo siyang sumambulat. Ayaw mo siyang mabuhay.”

191 Naisip ko, “Oh Diyos, patawarin Mo po ako. Hindi ko sinasadyang maisip ang bagay na ’yan. Hindi ko nais gawin ’yan. Hindi ko—ko—ko nais gawin ’yan.”

192 “Napatawad ka na. Maayos na ang kalagayan mo. Pero papaano naman siya? Kailangan niya rin, ito. Kailangan niya ito.”

193 “Buweno,” naisip ko, “Diyos, papaano ko po malalaman kung sino ang tinawag Mo, at kung sino ang hindi Mo tinawag?” Tungkulin ko ang kausapin ang sinuman.

194 Kaya, nung naglaho na sa akin ’yung pangitain, nilapitan ko ’yung babae. Sabi ko, “Kumusta po kayo, binibini?” At wala roon ’yung dalawang lalaki at nagpunta sa palikuran. At nung sila. . . Nakaupo nga siya roon, sinok nang sinok, alam n’yo na, humahalakhak. Nakalapag sa mesa ’yung bote ng wiski, o serbesa, po pala, nakalapag ’yung alak doon, kung saan sila nag-iinuman. Lumapit ako. Sabi ko, “Kumusta po kayo?”

At sabi niya, “Oh, kumusta.”

At sabi ko, “Maaari ba akong maupo?”

Sabi niya, “Oh, may mga kasama ako.”

Sabi ko, “Hindi po ganoon ang ibig kong sabihin, kapatid.”

Napatingin siya sa akin nung tawagin ko siyang "kapatid." Sabi niya, "Ano ang gusto mo?"

Sabi ko, "Maaari po ba akong maupo nang ilang sandali?"

Sabi niya, "Sige lang." At naupo ako.

Ikinuwento ko sa kanya 'yung nangyari. Sabi niya, "Ano ang pangalan mo?"

At sabi ko. "Branham."

Sabi niya, "Ikaw ba 'yung lalaki dito sa arena?"

Sabi ko, "Opo, mam."

195 Sabi niya, "Matagal ko nang gustong magpunta riyan." Sabi niya, "G. Branham, lumaki ako sa isang pamilyang Cristiano." Sabi niya, "May dalawa akong mga anak na batang babae na mga Cristiano. Ngunit mayroong, mga bagay-bagay na nangyari," at napadpad siya sa maling landas, o napunta roon.

196 Sabi ko, "Pero, kapatid, walang anuman 'yun sa akin, nakapalibot pa rin sa iyo ang Dugo. Ang mundong ito ay nababalutan ng Dugo." Kung hindi, papatayin tayo ng Diyos, bawat isa. Kanyang . . . Kapag naalis na ang Dugong iyon, asahan mo na ang kahatulan. Ngunit ngayon, kung mamamatay ka na wala ang Dugong iyon, mapupunta ka sa isang lugar sa kabilang ibayo, kung magkagayo'y wala nang kakatawan pa para sa iyo. Sa mga sandaling ito kumakatawan pa ang Dugo sa lugar mo. Sabi ko, "Binibini, hayan nga't, nakapalibot pa rin sa iyo ang Dugo. Hangga't may hininga ka sa iyong katawan, napapalibutan ka ng Dugo. Ngunit balang araw kapag lumisan na riyan ang hininga, lalabas ang kaluluwa, at paroroon ka sa kabilang ibayo lampas sa Dugong iyan, at wala nang anuman dun kundi kahatulan. Habang may pagkakataon ka pa para sa kapatawaran . . . " At hinawakan ko siya sa kamay.

197 Umiyak siya, sabi, "G. Branham, umiinom ako ng alak."

198 Sabi ko, "Walang anuman 'yan. May bagay, may kung anong nagbabala sa akin na lumapit para sabihin sa iyo." Sabi ko, "Ang Diyos, bago pa man naitatag ang sanlibutan, ay tinawag ka na, kapatid. At mali ang ginagawa mo, at pinalalala mo lang ito."

199 Sabi niya, "Sa palagay mo ba'y tatanggapin pa Niya ako?"

200 Sabi ko, "Walang pasubali, tatanggapin ka Niya."

201 Napaluhod siya sa kanyang tuhod, lumuhod kami sa mismong sahig doon, at nagdaos dun ng isang makalumang pagtitipon para sa pananalangin. Hinubad ng pulis na naroon ang kanyang sumbrero at lumuhod sa isang tuhod. Nagkaroon kami ng pagtitipon para sa pananalangin, sa lugar na iyon. Bakit? Ang Diyos ay makapangyarihan.

"Isantabi ang mga patay na gawang ito, tayo'y mangagpatuloy sa kasakdalan."

202 Lumipat na tayo sa lupaing iyon kung saan itong mga, "Kaanib ako sa iglesya; kabilang ako sa *ganoon*," tapos nang lahat ito. At mangagpatuloy tayo sa kasakdalan.

203 Kaibigan kong makasalanan, kung wala sa iyo ang Dugo ngayon, walang kaligtasan, walang biyaya, ang Dugo ni Jesus Cristo ang hahawak sa iyo. Sasabihin mo, "Buweno, mabuti naman ang kalagayan ko mapasahanggang ngayon." Subalit isang araw ay paroroon ka kung saan wala nang kakatawan para sa iyo sa panahong iyon.

Manalangin na tayo ngayon, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo.

204 Mayroon po bang, mayroon kayang, isa rito ngayon na nagnanais magsabi, "Diyos mahabag Ka po sa akin, napagtatanto kong nakagawa ako ng pagkakamali"? Marahil ay umanib ka sa iglesya. Ayos lang iyon. Ngunit kung hindi mo pa natatanggap ang biyaya ni Cristo, maaari mo bang itaas ang iyong kamay at sabihin, "Idalangin mo, ako, Kapatid na Branham"? Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Siyanga. Huwag . . . Pagpalain ka ng Diyos, ginoo, diyan sa bandang likod. Pagpalain ka ng Diyos, at ikaw. Sa bandang likod, oo, pagpalain ka ng Diyos. Itaas mo ang iyong kamay. Ganyan nga. Itaas mo lamang ang iyong kamay, at sabihin, "Diyos, mahabag Ka po sa akin."

205 Sasabihin mo, "Kaanib naman ako sa iglesya, Kapatid na Branham. Oo, Sinisikap kong—kong maging mabuti, ngunit hindi ko alam, sadyang para bang ako, tila ba, hindi ko kayang gawin 'yun." Oh, kaawa-awang manlalakbay, aking kaawa-awa't nanghihinang kaibigan, hindi mo pa talaga nakikita ang pangitain.

206 Sasabihin mo, "Kapatid na Branham, sumigaw ako. Nakapagsalita ako sa iba't ibang wika. Ginawa ko ang lahat ng ito." Maaaring nagawa mo, nga. Mabuti 'yan, wala akong masasabing laban diyan.

Ngunit, minamahal kong, naliligaw na kaibigan, 'yan ngang, pagsasalita sa iba't ibang wika, o ang panginginig, o ang pakikipagkamay, o ang mabautismuhan, iyan ay, mabuti naman. Ngunit, ang makilala Siya, ay ang makilala nga Siya. "Ang makilala Siya ay Buhay."

207 Sasabihin n'yo, "Kabisado ko ang Biblia, nang lubos." Buweno, ang makabisado ang Biblia, ay hindi Buhay. "Ang makilala Siya," panghalip na panao po, "ang makilala Siya, si Cristo," na makilala mong pinatawad ka na Niya.

Maaari n'yo bang itaas lamang ang inyong mga kamay, muli, mayroon pa bang iba? Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Pagpalain ka ng Diyos sa banda rito, kapatid na lalaki. Pagpalain ka ng Diyos sa banda riyan, kabataang

lalaki. Pagpalain ka ng Diyos sa banda rito, kapatid na babae. Pagpalain ka ng Diyos, diyan sa bandang, likuran. Siyanga. "Ang makilala Siya, ay Buhay."

"Kapatid na Branham, alalahanin mo ako. Akin ngayong tinatanggap, dito mismo sa aking kinauupuan, si Cristo."

208 Sabihin mo, "Pumasok Ka sa puso ko, Panginoong Jesus, at ipagkaloob Mo sa akin ang kapayapaang iyon, ang kagiliwang iyon." Sa pagdalo mo sa simbahan, tutugtog ka ng musika sa abot ng makakaya mo, magsasasayaw mula rito hanggang diyan, magtatatakbo sa gitna; uuwi, bagabag, at maligalig, at nababahala, hindi 'yan si Cristo. Magsisimba ka, mauupo at makikinig sa kung anong maikling sermon tungkol sa kung papaano pipinturahan 'yung tulay, o kung anu-ano pa, na gaya nun, at hindi ang Salita ang napakinggan. Nagdudulot ang Salita ng Buhay. Ito ang Binhi. Ayaw ba ninyo ng kapayapaan?

209 Nababagabag ba kayo ng kamatayan n'yo? Kung atakihin kayo sa puso sa mga sandaling ito, nag-aalala ba kayo rito? O magagalak kayo, na sabihin, "Paroroon na ako sa piling ng Panginoong Jesus sa dulo ng landas na ito"? Kilala n'yo na ba Siya? Kung hindi pa, itaas lamang n'yo ang inyong kamay. Hihiling kami ng panalangin para sa inyo. Oo, kapatid, ikaw, rin.

210 Sige, mula sa puso n'yo ngayon.

> Just as I am, without one plea,
> But that Thy Blood was shed (para kanino?) for me,
> Because I promise, I'll believe,
> O Lamb, O Lamb of God, I come. I come, tenderly, mercifully.
>
> Just as . . .

Lumapit lamang kayo mismo sa Kanya, sa pamamagitan ng pananampalataya. Manampalataya kayong nakatayo Siya riyan mismo sa inyong tabi. Siya nga.

> . . .-ting not
> To rid my soul (ng ilan ngayon?) of one . . . (init ng ulo, masamang hangad),
> To Him Whose Blood can cleanse each spot,
> O Lamb . . .

211 "Sa pananampalataya ay tatawid ako, sa umagang ito. Ihihimlay ko ang aking mga pasanin. Lalapit ako." Pagpalain ka ng Diyos diyan sa likod. Mabuti 'yan. [Sinimulang ihiging ni Kapatid na Branham ang *Just As I Am*—Pat.] Huwag kayong maging mapagwalang-bahala ngayon. Nang may kasiglahan, nang may kagiliwan, lumapit kayo mismo roon sa krus.

212 Sa Lumang Tipan, nagdadala sila ng tupa. Alam nilang nagkasala sila, alam nga nila sa pamamagitan ng mga utos.

Alam n'yo na nga rin ito ngayon, dahil nangusap ang Diyos sa inyong puso. Tiningnan nila ang mga utos, "Huwag kang mangangalunya. Huwag kang gagawa ng *ganito-at-ganoon*." At kumuha sila ng isang tupa, at pumaroon at ipinatong ang kanilang mga kamay sa tupa, ginilitan iyon ng saserdote. Nagsisisipa ang munting hayop, at umaagos ang dugo, at umiiyak, at nag-aagaw-buhay. Ang kanyang mga kamay nga'y nababalutan na ng dugo. Namatay ang tupa kapalit niya, subalit sa kanyang paglabas taglay pa rin niya ang dating pagnanasang gawin itong muli.

213 Ngunit sa dakong ito, lumalapit tayo sa pamamagitan ng pananampalataya, dahil sa biyaya. Tinawag tayo ng Diyos. Ipinapatong natin ang ating mga kamay sa ulo ng Cordero ng Diyos. Naririnig natin ang umiimbay na martilyo. Naririnig natin ang Tinig na iyon, "Nauuhaw Ako; painumin ninyo Ako. Ama, huwag Mong ipataw ang kasalanang ito sa kanila; hindi nila alam ang kanilang ginagawa." Kita n'yo? Sa pamamagitan ng pananampalataya, ay damang-dama natin ang Kanyang kamatayan doon sa siyang pumalit sa atin. Sa kaibuturan ng ating puso ay dumating ang isang malalim, panatag na kapayapaan, nung sabihin ng isang Tinig, "Napatawad ka na ngayon. Humayo ka at huwag nang magkasala pa." Hayan nga't, sa pamamagitan nga ng biyaya, hayan tayo, sa ating paglabas ay wala na ang dating pagnanasa, kundi may isang pagnanais na hindi na magkasala pa o gumawa ng anumang kamalian. Ang kapayapaan na di masayod ng pag-iisip, ay pumasok na sa ating puso.

Tanggapin nawa ninyo Ito ngayon habang nananalangin tayo, ang bawat isa, nang sama-sama.

214 Makalangit na Ama, dumudulog sila sa pamamagitan ng pananampalataya, dahil sa biyaya. May mga isang dosenang kamay ang nagsitaas. Ito ang mga bunga ng Mensahe. Dumudulog sila sa Iyo. Nananampalataya sila. Naniniwala ako sa kanila, siyanga po, Panginoon. Naniniwala akong, tunay ngang, nangusap sa kanila ang Espiritu Santo. At sa pamamagitan ng pananampalataya ay umaakyat na sila ngayon mismo sa hagdanan ni Jacob, doon mismo sa paanan ng krus, kung saan inilalapag nila ang lahat nilang pagkakasala, at nagsasabi, "Panginoon, napakabigat na nito para sa akin. Sadyang hindi ko na kaya pang pasanin ito. At maaari Mo po bang alisin ang pasan kong kasalanan, at alisin ang pagnanasa sa aking puso na gawin ang ganyang mga bagay? At itulot sa akin, sa pamamagitan ng pananampalataya, sa araw na ito, na tanggapin Ka bilang sarili kong Tagapagligtas. At magmula ngayon, susunod na ako sa Iyo bawat milyang tatahakin, hanggang sa dulo ng paglalakbay. Nasisilayan ko na kung ano ang ibig sabihin ng 'mangagpatuloy sa kasakdalan,' na hindi ang pagdalo sa simbahan, at ang mga kinasasaligan ng patay na mga

gawang tulad ng mga bautismo at iba pa. Ngunit nais ko ngang magpatuloy, hanggang sa mawala na ako, at si Cristo na ang makapananahan sa akin."

215 Oh Jesus, ipagkaloob Mo ito sa bawat nagsisising kaluluwa, ngayong umaga. Makatanggap nawa ang bawat isang nagtaas ng kanilang mga kamay ng Buhay na Walang Hanggan sapagkat ipinangako Mo ito. Nagpahayag sila sa madla ng kanilang pagtanggap. Itinataas nila ang mga kamay nila. Sinuway nila ang lahat ng mga batas ng hatak ng mundo. Ipinadama nila sa siyensiya na mangahiya sa kanilang mga sarili, 'pagkat sinasabi ng siyensiya, "Kinakailangang nakalaylay pababa ang mga braso ninyo." Mapatutunayan 'yan ng mga pinag-aaralan nila sa siyensiya, na dapat nga itong nananatiling hinahatak ng lupa, dahil hinahatak itong pababa ng hatak ng mundo. Subalit may isang espiritung nasa kanila na nakapagpasya na, at binali nila ang mga batas ng hatak ng mundo, at nagsipagtaas ng kanilang mga kamay. Saksi Ka rito, Panginoon. Inilagay mo ang kanilang pangalan sa Aklat. "Pinatawad na." Ang lumang aklat ay bumalik na sa Dagat ng Pagkalimot ngayon, hinding-hindi na aalalahanin pa. Itulot nawang lumakad na sila ngayon, na mga mapagmahal, kalugod-lugod na mga Cristiano, na naglilingkod sa Iyo. At marahil sa maraming hindi nakapagtaas ng kanilang kamay, ikaloob Mo rin naman ito sa kanila.

216 Itulot nawang lumakad ang mga banal nang mas malapit pa nang kaunti, Panginoon, sapagkat kami'y mas malapit na ng isang araw sa pag-uwi sa Tahanan kaysa kahapon. Sumaamin Ka, Panginoon, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Cristo at para sa Kanyang ikaluluwalhati. Amen.

*ANG AKLAT NG MGA HEBREO*

Ang labing-isang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham na orihinal na ipinangaral sa Ingles mula Agosto 21 hanggang Setyembre 22, 1957, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice Of God Recordings.

TAGALOG

©2016 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org